

DE FILIPINAS

MAGASING TAGAPAMANSAG NG KATARUNGANG PANGLIPUNAN

Vol. XXI No. 10

SEPTIYEMBRE 30, 1947

20 Sentimos.



Bhg. EVANGELINA DE CASTRO

Nañirang na maging Miss Philippines

(Tingnan sa pahina 1)



SULAT

Sa Patnugot

Pinagpipitang Patnugot:

Kung kayo rin po ang patnugot nitong Filipinas noong hindi pa nagkakaroon ng pangalawang digmaang pandaigdig at kung hindi po ninyo nalilimutan, ay ang makalagda sa hulihan nito ay isa sa mga naging mambabasa ng pahayagang ito at naghandog ding marama-naka ng ilang kuwento at tula.

Ako po'y nagpapasalamat sa Diyos ng aking muling mabasa ang pahayagang ito, na malaki ang hindi pagkapinsala ng mabintog na binhing linilinang ng babasahing ito ay magbubunga ng kanyapaang dapat papaghariin sa buong daigdig.

Gumagalang,

Jacinto Arada

PALIWANAG NI JOSE B. AGUINALDO KAY G. SANGOYO

Pinagpipitanan kong PATNUGOT:

Ang pansin ko'y kinurok ng SULAT ni G. Sangoyo sa Patnugot. Di ko sana ibig bigyan ng halaga ang "tinurol na pintas at paratang sa akin," sapagka't hindi dapat pansin ang isang "hangal na turing", ngunit TUMUTUTOL ANG BUDHI NG KATARUNGAN na dapat gumitaw. Akala marahil ni Sangoyo ay nakatipak siya sa "kanyang sinabi ukol kay Jose B. Aguinaldo" na kanyang tinukoy (Sulat—Agosto 31), ngunit di niya akalaing sa gayon ay NAGLULUBID LAMANG PALA SIYA NG BUHANGIN. Sa may uring-pilantik at paratang na liham ng magiting na gino, ay dinaramdam kong hindi sapat ang tugon ng Patnugot, kaya't isinisiwalat ko ang aking paliwanag.

Una: Tama ang sagot ng Patnugot na ako ay hindi kabilang sa "staff" ng Filipinas. Ito'y dapat malaman ng lahat. Wala akong kinalaman sa anomang katangian o kamalian na napupuna sa bawat bilang ng Filipinas. Huwag kung matakot, G. Sangoyo, na "ibabasket" ko ang iyong ipadalang akda!

Ikalawa: Ang nasabing gino na "kritiko yata" ay nadulas sa pagasabing "malaking kapintasan dikono ni Jose G. Aguinaldo ang pagkakait ng pagkakataon sa iba" na maglathala ng kanilang akda. Sa tunog ng pananalita ng gino ay tila pinagkaitan ko na siya o ang ibang manunulat na maglathala sa Filipinas. Nakabalita na ba kayo, gino, na mayroong "lathalain na "ibinasket ko" o ng mga manunulat na tinutukan ko, upang huwag maglathala sa dahon ng Filipinas? Sa halip ay kumakatig ako sa paanyaya ng Patnugot na sumulat kayo ng mga akda na ipagkakapuri ng wikang tagalog at ng panitikang katoliko!

Ikatlo: Naghaka ang ginoong Sangoyo, na ako'y nagkakait ng pagkakataon sa iba, sapagka't nakita niya ang aking akda na magkaminsan ay sabay-sabay kung malathala. At ang makisig na lalaki ay pinagpantingan ng taynga at ako rin ang sinisisi. Nagtatako rin nga ako, G. Sangoyo, kung bakit nagkakasabay-sabay ang paglabas ng aking mga akda. Ngunit huwag ako ang sisihin, gino, sapagka't hindi ako ang may kasalanan. Batid mo na, hindi po ako ang Patnugot at hindi rin kabilang sa "staff". Tanunin po ninyo ang Patnugot, kung sila'y aking sinuhulan o tinakot, ilathala lamang ang aking mga akda. Kahi't isang talaksan ang aking ipadalang lathalain sa Pasulatan, hindi ako ang may karapatan kundi ang Patnugot na pagpapalathala ng aking akda. Wala akong kinalaman tungkol sa pagpapalabas ng isang adka. Bilang manunulat ay sapat nang sagutin ko ang pagpapadala ng aking "ambag na lathalain". Ang Patnugot ang sasagot sa inyo, kung inilathala ang aking akda, na magkaminsan ay sabay!

(Nasa pahina 25 ang karugtong)



BAGONG KATESISMO

para sa
Mababang Paaralan
inihanda
ng

OBLATOS de SAN JOSE

Nasusulat sa magaang na Tagalog.

May 72 pagina at maraming larawan.

Makatutulong nang malaki sa mga nag-aaral at nagtuturo ng Katesismo.

₱.30 ang bawat sipi

Maraming mabibili sa

THE BOOKMARK

tanging tagapagbili ng

Oblatos de San Jose

Rev. Dr. Simeon Gutierrez
Tagapagtiathala

Rev. Pedro R. Vicedo
Patnugot

Rev. George Willman, S.J.
Katulong na Patnugot



Natatala sa koreo bilang korespondensiyang ikalawang uri sa Maynila,
Agosto 21, 1946.

Inilalathala makalawa isang
buwan

Halaga ng Suskrisyon
Isang taon P4.00
Pangasiwaan
Knights of Columbus
Regina Bldg., Manila

PANGULONG TUDLING

ANG PAPA PIO AT ANG PANGULONG TRUMAN

Nahayag kamakailan ang isang pangayaring ngangayon naksihan ng kasaysayan sa laked ng makabagong panahon na ang Pangulong Truman ng Estados Unidos at ang Santo Papa ay nagpadahan ng kanilang pakikipagtalastasan ukol sa isang bagay na lalong kinakailangan ng daigdig: ANG PAGLALAGAY SA DAIGDIG SA ISANG KALAGAYANG MORAL. Nagpalitan sila ng mga liham at kapwa nila binanggit ang lalong kailangang tulong ng Simbahan sa pagaayos ng daigdig tungkol sa kalagayan ng kawayan at paguugali na siyang kailangan at kanilang pinagkaisahan. Sa kasalukuyang paguuasap ng mga Bansang Nagkakaisa na ang mithiin ay pundaigdig na pagkakaunawaan sa larangan ng politika ay ipinakilala sa ganitong pangayari ng dalawang bantog na lider ng santinakpan na ang isa sa mga susing dapat magbukas sa pintuan ng ating mithing kapayapaan ay ang RELIHIYON.

Wala pa ngang kapayapaan. At ano man ang gawing pagtatalo ng mga kinatawan ng mga bansa sa kapulungan ng mga Bansang Nagkakaisa ay pawang mga pagalilangan pa lamang at ang mga mapagmasid na diplomat ng mga bansa ring iyan ay nakatingala pa sa isang papawiring natatakpan ng makapal na ulap na nagbabadha pa ng panganib. Sa kabilang mahigpit na pakikipagtalaktaan ng mga bumubuo ng kapulungan upang dumating sa isang kasiyasiyang pagkakasundo, ay may mga lider naman ng bayang ang ibinubunsod sa diwa ng madla ay ang paghanda sa pagtataangol sa kapalaran ng bayan sa ano mang maaaring dumating na signalot.

Mangyari pa'y walang tiyak ang mga paguuasap. Madilim pa rin ang hinaharap at samantala'y patuloy naman ang mga kaguluhan at di pagkakasundo-sundo, wala pang kaayusan at naghahari pa rin ang pakiramdamang ng mga namumuno hanggang sa ang pangambang sa simula't mula pa'y na sa sa pusol ng lahat ay di pa napapawi at kaugnay pa ng mga pangayari. Ito ang siyang nagudyok sa Pangulong Truman upang makipagpalitan ng kuro-kuro sa Papa upang sa pamamagitan ng kaniyang kapangyarihan ay gumaawa ng makakayang tulong sa ikaayos ng daigdig at ikalulutas ng suliranin ng pinaguusapan. Sa loob ng isang bansa, ang kapayapaan at kaayusan ay hindi lamang nababatay sa mga wasto at tumpak na batas na binibigyan naman ng wastong katuparan ng mga mamayan kung hindi nababatay rin sa mga paglilingkod, pangangalat at pagsisikap ng Simbahan tungkol sa kalagayang moral ng isang bayan.

Nawa'y manatili ang pakikipagtalastasan ng dalawang magiting na lider na ngayo'y kinikilala ng bayan, ang Papa at ang Pa-

ISANG BATI SA PHILIPPINE AIR LINES

Ang FILIPINAS na isang pahayagang katoliko at tagapamansag ng katarungang panlipunan ay buong pusong bumabati sa PAL sa idinaos nilang pagpili ng mga Binibining PILIPINAS, LUZON, VISAYA at MINDANAO. Sa nasabing pagpili sa taong ito ay hindi nila ginamit ang katulad nuong nakaraang taon na sa pamamagitan ng BATHING BEAUTY na halos hubad na ang buong katawan at daig pa ang halos lulusong sa paliguan ay naghala ng Bb. Pilipinas at mga kasama. Mahigpit kaming tumutol at ipinadala namin ang aming liham na pagtutol sa pangasiwaan ng PAL sa Manila Hotel. Wala kaming naging dahilan kung hindi ang gayong ayos ng pagpipilian ay di pa karapatdapat sa isang Bansang Katoliko gaya ng Pilipinas. Nakasisira sa angking hinhihin ng ating kababaihan at nagpapawala rin ng dangal sa kanilang kalagayan.

Ang ginawang pagpili nila sa panahong ito ay hindi naging malingasngas at di rin naging masagwa. Walang eskandalo at di rin pinuna ng mga pahayagan at ng madla. Maaaring kung mayroon mang dapat punahin ay di gaonong pansiyan gaya ng nagdaan. Sa katusayan si Bb. Evangelina de Castro na siyang nahirang na maging Miss Philippines na ngayon ay naglalakbay sa Amerika bilang gantimpala ng samahan ng PAL ay kinalugdan ng lahat, pinagpipitan ng lahat saan man dumating — una ay sa kaniyang kaganahan at ikalawa'y dahil sa kaniyang kahinhinan at magandang kaugalian. Taglay niya ang ugaling kristiyano, taglay niya ang damdaming katoliko sa pagdadalha ng damit kaya't nang siya ay binigyan ng isang kasuotang pangpaligo upang humarap sa isang lipunang idinaos sa lunsod Atlantiko ay buong tapang siyang nagsabi ng ganito: "HINDI PO USO SA AMIN ITO KAYA IPAGPATADAW NINYO".

At hindi siya napilit.

At saka niya idinugtong na ang mga Pilipina ay gumagamit niyan kung maliligo lamang. Iyan ang halimbawa ng hiniling Pilipina. Hindi basta susuon sa mga hiram na moda kahit magpapahamak sa kaniyang puri, dangal at hiniling minana. Marapat nga siyang purihi at kasama niya'y ang PAL na nagbunsod sa kaniya. Bumabati kami.

ngulong Truman na kapwa namumuhunan ng tiyaga, dalangin at pagsisikap sa ikabubuti ng lahat ng bansa at ikaliligtas sa malupit na kuko ng kamatayan.

Patnubayan nawang lagi ng Langit ang Santo Papa at ang Pangulong Truman.

PAUNAWA

* ANG ATING PABALAT: Ang maganda at nakahahalinang babae na nasa pabalat namin ay si Bb. Pilipinas na siyang nahalal sa paligsahang nakaraan sa pagtangkilik ng PAL. Ang kanyang larawan ay kuha ni "Bobs" na siyang opisyal na taga kuha ng larawan ng PAL. Aming pinaaabot sa PAL at kay "Bobs" ang aming lubos na pasasalamat dahil sa kanilang pagpapaunlak na maihayag sa madla ang kanyang magandang larawan.

ISANG KAMALIAN: Sa nakaraan naming labas ay nagkaroon ng isang di namin sinasadyang pagkakamali, na nasa kuwentong "Sumpa ng Diyos" ay ang nailagay naming may akda ay si G. Rogelio U. Martinez sa halip na si G. Juanito Sta. Maria na siyang dapat na malagay. Dahil doo'y dinaramdam namin ng labis ang ganoong pangayari, kaya't hinihingi namin ang pagpapaumanhin. Ang kuwento ni G. Martinez ay mababasa sa bilang na ito ngayon.



ANG MARALITAN

Sinulat ni Rup

Sa mga pagtatalo po narinig kong minsan ipinaliwanag na ang mga saserdotes o mga pari ang humingi kay Pilato na si Kristo ay ipako sa Kurus at mamatay.

Sa isang pangyayari po naman sa Santong Kasulatan, ay nang salantain ng tulisan ang isang taong naglalakbay sa Heriko ay iniwan sa daan halos patay na, ay may saserdote o paring nagdaan at hindi man tiningnan ang kaawa-uwang taong nakahandusay sa daan.

Ang mga halimbawa pong iyan ng mga pari ay hindi kasiya-siya at masama, kaya po masasama rin daw ang paliwanag nila sa mga Saserdotes o mga Pari ngayon.

Ano po Impo ang mabuting isagot ko sa kanila? Ako po'y tunay na katoliko at hindi ko ibig makaririnig ng ano mang salitang makasisira sa atin, kaya po ako sumasangguni sa inyo at napasasalamat nang marami kung inyong mailathala sa inyong pitak ang kasagutan.

Inyong apo,
P. A. Reyes.

SAGOT:

Nagkakamali sila sa pagkakilala at pagkaalam sa ngalang Sa-

serdotes sa unang tipan at sa bagong tipan. Ang sa Unang tipan ay yaong mga puno na katulong ng mga eskribas at pariseyos, na kaya tinatawag na saserdotes ay mataas na puno sila ng kanilang relihiyon, na naglilingkod sa mga puno o Sar, kakaiba sila sa mga Saserdotes sa bagong Tipan na itinatag ng ating Panginoong Hesukristo, na naglilingkod sa altar at tanging pinagkatiwalaan ng Diyos ng kapangyarihan, maging Pari at mag-alay ng Santa Misa, mula kay Kristo, isinalin sa mga Apostoles, mga Obispo at sa mga Paring katoliko ng Sta. Iglesia Katolika Apostolika Romana. Magkangalan nga, nguni't magkaiba ng tungkuling ginaganap sa harap ng bayan.

Kaya hindi dapat iparis sa kanila ang mga Pari ngayon. Sila'y hindi man anino ng Saserdotes ngayon. Kung naging masasama man sila ay di dahil duon ay magiging masasama rin ang mga Pari ngayon ng Iglesia Katolika. Iyan ay maliwanag sa kasaysayan, kaya huwag kang papatol sa kanilang mga hidwang paliwanag, na pawang paninira sa mga Pari ngayon ng Iglesia Katolika.

Impong Ana.

Mabuting balita para sa mga ngangalakal."

maralita sa Tundo! Pinagtibay na ang "War Damage Commission" pagbibigay ng P300,000 sa Pilipinas upang gamitin sa panikalang pagtatayo ng tirahang mapauupahan sa mababang halaga. Ito'y makalulunas nang malaki sa suliranin tungkol sa kataasan ng upa sa bayah at ang kulangang talaga ng matitiran. Upang mapatunayang ito'y hindilamang salita, ang P100,000, ay agad nang inilagak sa pamahalan natin upang pasimulan sa mading panahon ang balak na ito.

Nguni't sa kabilang ng kasiyasiyang balitang ito, ang halagang iyan, iyang tulong na iyan ay para lamang isang patak sa kala-

Isang kalungkut-lungkot na batik ng ating kabihasnan na sa kabilang ng kasaganaan mayroon pa ring di-mabilang na mga tao ang nabubuhay nang salat kahit na sa pangunahing kailangan sa buhay. Maglibut-libot kayo sa mga lansangan ng Tundo, Santa Kurus, Sampalok at di maaaring di matawag ang pansiyo ninyo ng mga kubong iisa lamang ang silid, may bubong at dingding na kalawanging yero. Pasukin ninyo at makikita ninyong di lamang isang pamilya ang nakatira kundi kadalasan pa'y dalawa, tatlo, at kung mins'a'y lima. Wala kayong matatanaw na maginhawang karsangkapan, makinang na sahig,



wakan ng dagat sa dami ng nangangailangang maitayong mulidito sa atin. Sa lahat ng sulok ng Kapuluan mula sa Apari hanggang sa Holo nakikita pa rin ang kalagim-lagim na pagdahadop, karalitaan at lubusang kawalan ng maraming tao at bagay.

Tunay at ang malaking bahagi ng ganitong kalagayan ay kagagawan ng nakaraang digmaan at dahil din sa di — lubusang pamaayapa ng panahon. Subali't kahit na noon pa mang bago sumiklab itong Digmaan II ang mga pangungusap ni Pope Leo XIII ay nagpahayag ng walang baling katotohanan: "Ang limpak-limpak na kayamanan ng ilang tao at ang karalitaan ng karamihan ay siyang pangunahing suliranin ng lipunan at pa-

malambot na kutson, walang nagkikintabang kasangkapan sa kusina, mahanga'y ang sahig na lupa, mga luluang lata, matitigas na higaan at upuang yari sa kahong nahingi kadalasan sa intsik. Tubig na ginagamit ay nasa-isang lalagyan at palikurang gamit ng may mga 50 pamilya.

Sa oras ng pananghalian mag-sisiuswing lahat ng nakapaghahap-buhay, kabilang na ang kahit batang dapat pang pumasok sa paaralan. Gula-gulanit na damit ang suot. Galing sila sa labas, nakipagsapalaran sa paghahap ng maipag-aagdong buhay nila. Ngayon ay pagod, uhaw, gutom at marahil ay siphayo at pagkabigo lamang ang laman ng abang palad nila. Pinag-ipun-ilon ang kaunting napagdilihensiyahan

FILIPINAS tula ni porfirio florido oliveros

F—ilipinas! Maningning kang katulad ng isang Tala!
I—sang hiyas sa tahanang may dilag na pambihira...
L—asapin mo't ang linamnam ay sa DIYOS na biyaya,
I—sang aklat bawa't titik ay magandang halimbawa.
P—igain mo't kumakatas habang iyong pinipiga;
I—baon mo sa pusali't ginto mo ring makukuha...
N—ingning mo'y aming tanglaw sa landas ng pagkalisya...
A—ng aral mo ay timbulan sa dagat ng "TUKSO'T SAMA"
S—a langit ng Luwalhati'y Sintas naming mapagpala!

G KASAMA NATIN

erto T. Magaf

nila at siyang pinagsasaluhuan — salat na salat sa nakabibighaning lasa ng masasrap na pagkain. Ito'y pagkain ng mahirap na hindi nalalaman kung saan mang gagaling ang susunod.

Madaling mawatasan na itong mga kubo at dampang ito ay di makatutulong sa kalusugan ng katawan at lalo na ng kaisipan. Kadalasan pa'y sila ang pinagsisimulan ng pagkakaroon sa pagkakasala dahil sa samut-samot na pamilyang nakatira roon — pagkakasala laban sa ikalima at ikaanim na utos ng Panginoon. Ang mga babae ay malayang kasal-muha ng mga lalaki. Ang mga bata ay walang pook na mapag-lalaruang may malayang hangin. Binibigyan sala ng ating mga tagapagturo ang mga pook na iyan sa pagiging pugad ng lahat ng uri ng krimen at hindi maitatangging katotohanan na ang bilang namamatay diyan ay lalong

mataas kaysa malilinis na pook.

Ano ang dahilan ng ganyang makadurog-pusong kalagayan ng karamihan ng ating pamilya? Natuklasan ng isang tagasuring Inglis sa isang bayan sa Inglaterra na ang mga sumusunod ay siyang may dahilan ng karalitan ng marami:


Kamatayan ng kumikita o nag-hahanap-buhay — 15.63%

Katandaan o pagkakasakit ng naghahanap-buhay — 5.11%
Di-panay na pagtatrabaho — 5.14%

Laki ng pamilya — 22.16%

Panay ng pagtatrabaho ngunit maliit ang sahod — 51.96%

Walang iisang dahilan ang pinagmumulan ng karalitaan ng tao. Ang mga Malthusian ay bibieyan sala ang paelseo ng mamayay; ang anarkista ang pamahalaan at ang mananalapi;



SA MAHAL NA BIRHEN

ni Rufino Esguerra Reyes

Birhen Marya, aming ina, huwag kaming pabayaang
Siklutin ng mga alon sa dagat ng aming buhay
At sa lahat ng sandali kami'y laging patnubayan,
Upang aming mangatahak ang landas ng kalangitan.

Kung sakali't kaming ito'y naliliwas sa landasin,
Kami sana'y kaawaang tawagin ang aming pansi;
Sa kay Hesus na Anak mo'y kami'y iyong idalanging
Ang kaharian ng langit nawa'y aming mangarating.

Sa simula'y alam namin yaring aming kahinaan,
Pagka't kami ay inyanak na may salang "Original";
Anong aming magagawa kundi kami tutulungan,
Bagkus kami'y magugumon sa banig ng kasalanan.

Upang tayo ay lagi nang tulungan ng ating Ina,
Palagi nang sundin natin ang Batas ng Anak niya;
Bawa't saglit ay itanim sa puso ng bawa't isa,
Ang pagibig at pagsunod sa dakila nating Reyna.

ang pamamalakad tungkol sa sa-buhay at laging sa karamihan lapi. Namuhay na dito sa lupa ay may mahilig sa mga sugal o pagtatapon ng salapi sa walang kapararanan at gaya ng sinabi ng ating Panginoon: "Ang maralita ay laging kasama natin."

Upang mabigyan ng lunas ang maraming nagdadahop sa buhay mga pangmadlang abuloy ang itinatag kahit na ang sariling tulang ng mga tao sa mga ito ay sinasabing lalong nakadaragdag sa dami ng pulubi.

Isang kapurihan ng pamahalaan at ng War Damage Commission ang kanilang pagsasakit na ginagawa upang matulungan sa kanilang kahirapan ang ating maralita. Ang mga nananahanan sa Vitas. Tundo ay magkakaroon ng mga 79 na bahay paupahan, malinis na laruan para sa kanilang anak at pook na aliwan.

Dapat nating isaisip na ang karalitaan ay isang sangkap ng sangkatauhan. Hindi maaari kailanman mapawi. Lagi tayong may liraning laging gumagambala ng mga taong walang sapat na katahimikan at kapayapaan ng kayahan upang kumita ng ika-pamumuhay.

Itinuturo ni Kristo at ng Simbahang maralita ay isang pagsubok na bigay ng Diyos. Kaya't ito'y isang bagay na di dapat ikahiya. Ang Anak ng Diyos ay ipinanganak na maralita at namatay sa karalitaan. Hinggil sa

Kaniyang sarili winika Niyang minsan: "Ang mga asong gubat ay may nahihiimlayang guwang sa lupa, ang ibon sa himpapawid ay may pugad na mauuwian, ngunit ang Anak ng Tao ay wala man lamang mapagpahingahan ng ulo." Ang Kanyang halimbawa ay naging sulo sa mga banal na santo na nagsikap na maging lalong maralita kaysa kapuwa nila. Yan

HULING PULOTGATA NG BAGONG KASAL

TATLONG malakas na kalam-pag sa pinto ng kumbento ang pumukaw kay Pari Nenong sa mahimbing na pagtulog.

—Buksan ninyo ang pintuan, Among! — anang malakas na si-gaw sa ibaba. Saka muling kakalampagin ng bato ang pinto.

Si Pari Nenong ay nagulantang sa takot. Nangaykay ang katawan. Paano'y nag-iisa siya. Sino kayang mga tao ito — ang tawong niya sa sarili — mga masamang loob kaya? Bigla siyang nagbangon. At patiyad pa siyang lumakad at nakiramdam sa may pinto at durungawan. Namatagan niyang may kumakalusos na parang ingay ng baril at nag-aanasan ang dalawang tao. Langlong nangalisag ang kanyang buhok at tumayo ang kanyang bahiho. Ibig na sana niyang sumigaw ng "saklolo", danga't napag-isip siya.

Inihahanda na ni Pari Nenong ang mga balumbon ng "salaping hapon" na may nakadikit na pisuhing pilipino sa bawa't unang balot at ang mga kahong mabigat ng barya, nang muling sumigaw:

—Among, buksan po ninyo! Kumpesyon po! Ako po ay si Ti-yagong taga-Tigbi. Huwag po kanyong matakot at hindi kami masamang loob!

Noon lamang nawala ang kalog ng baba ni Pari Nenong at ang kaligkig ng kanyang dalawang tu-hod na nagkakakiyakis sa tindi ng pangingiki na likha ng takot. Nagkadugo ng kaunti ang kanyang putlang-putlang mukha. Saka pa lamang niya binuksan ang pinto at pinatuloy ang mga tao.

—Bakit naman Tiyago, — ang usisang may panunumbat ng pari — hating-gabi pa kung tumawag kayo ng "kumpesyon"?

—Bigla pong dapo ng sakit, among! Kanina po lamang ika-walo ng gabi. Tila po hindi uumagahan. Bakit nga po ang may sakit ay hindi pa Kasal gayong lima na ang anak... at saka, umiyak po at nagmamakaawa na itawag lamang ng pari.

Hindi nakakibo si Pari Nenong. Nag-uulik-ulik ang kanyang loob, nguni't wala siyang mahgilap na

dahilan upang huwag sumama. Hating-gabi na, mag-iikasampu... umuulan pa nang malakas... kumikidlat... kumukulog. Limang kilometro ang layo ng Tigbi, hindi nararating ng sasakyahan, putik na putik ang daan, at saka... da-ran pa sa mahahabang parang at kagubatan. Huwag kang sumama, hating-gabi... at baka ang mga taong iyan ay sinisilo ka lamang, — ang bulong ng kung siong manunuksa sa kanyang sarili. Baka pagdating sa gubat ay paslangin ka na lamang. Sumama ka at agawin mo sa kapahamakan ang kaluluwa ng maysakit, — ang bulong naman ng kanyang budhi. Kasakdalang ikamatay mo'y tungkuling mong mag-pakasakit, upang damayan ang isang makasalanang maysakit.

Alangalang sa Pagibig sa Diyos at sa kaligtasan ng isang kaluluwang makasalanan, si Pari Nenong ay hindi tumanggi. Sinasasa nila ang pusik na kadiliman. Bagama't tila may pataw na bakal ang kanyang mga paa at may pabigat ang kanyang katarwan, pinatapang siya ng tungkuling maglitas ng isang makasalanang kaluluwang nag-aagawan-buhay na.

Habang niluluntak niya ang putik na daang-pilipil na tinatanglawan ng isang "plaslait", na magkaminsan ay madulas siya at mabulid sa pitak... habang patuloy naman ang laking ulan at nagsasalimbayan ang kulog at kidlat sa langit... habang nanlalaimig ang kanyang katarwan sa basa ng ulan, si Tiyago naman ay ikinukuwentu ang buhay ng may-sakit.

“Ang nakaratay sa banig ng karamdaman ay si Carding, na sumpung taon nang nakikisama kay Erlinda, na kapwa taganayon ng Tigbi. Sila'y mga katoliko, nguni't pinanlamig ng "kampanyang pag-aglahi at pag-upasala ng mga bulaang propeta ngayon na gaya ng mga Manalistang iglesia ni Cristo o ng mga Saksing walang katibayan ni Heoba.”

Sa pastulan ng kalabaw at sa mga taniman kung panahon ng pag-sasaka, nagkasundo ang dalawang kaluluwang itong tinamaan

ng palaso ni Kupido. Palibhasa'y magkapit-bahay at magsasaka, si-lang dalawa ang laging magkahingahan ng sama ng loob at mag-kabalitaan ng masasaya nilang buhay.

Minsang sila ay nagpapainom ng kalabaw sa isang matahimik na batis, na walang saksi kundi mga huni ng ibon, ay nagkakatuwa silang dalawa.

—Nakikita mo ba ang dalawang ibong iyon na laging magkasama, Erlinda?

—Oo, bakit mo tinatanong?

—Nakikita mo silang dalawang naghahabulan at kung magkaabot ay nagaawitan na ubod nang sasya?

—Oo, pano'y sila'y magkasu-yong ibon na nagmamahalan!

Minsang sila ay nagpapainom ng kalabaw sa isang matahimik na batis, na walang saksi kundi mga huni ng ibon, ay nagkakatuwa silang dalawa.

—Nakikita mo ba ang dalawang ibong iyon na laging magkasama, Erlinda?

—Oo, bakit mo tinatanong?

—Nakikita mo silang dalawang naghahabulan at kung magkaabot ay nagaawitan na ubod nang sasya?

—Oo, pano'y sila'y magkasu-yong ibon na nagmamahalan!

—Ganyan din, Erlinda, tayong dalawa. Sinusuyu-suyo kita at hinahabul-habol sa laot ng parang at kung abutan kita'y lagi kong ibinubulong sa iyo ang timyas ng aking pagmamahal. Oo nga, Erlinda, inaaawitan lagi ng matamis na pag-ibig... Ang kulang na lamang sa atin ay ang gumawa tayo ng ating sariling salay na pamumugaran.

At ang dalawang ito'y gumawa ng sariling salay. Tinalikuran ang tahanan ng kanya-kanyang magulang at lumipad hanggang sa ibabaw ng mga ulap sa kaitaasan. Dahil sa simbuyo ng bulag na pag-ibig na ito'y nalimot nilang dapat sumangguni ng mga magulang hinggil sa suliranin ng kanilang puso. Nalimot nilang may lipunan ng mga taong pupuna sa kanilang ginawang masamang halimbawa at pipintas sa kanilang

pagtatanan. Nalimot nila sumpung Diyos, na nag-uutos na "bago pagsaluhan sa iisang pinggan ang pag-ibig ay dapat munang makasal sa harap ng isang hari sa Simbahon."

—Bakit ba tayo pakasal pa, Erlinda? — ang sagot ni Carding sa kanyang kabiayak, na sumasamo sa kanyang pakasal na sila sa pari. — Hindi naman tayo nagkakagalit at matamis naman ang ating pagsasama. Hindi mo ba nalalaman ang kasabihang "HINDI MAN KASAL SA LUPA, KAPAG NAGKAKASUNDO, AY KASAL NAMAN SA LANGIT? Nagkakasundo tayo eh di kasal tayo sa Langit?

—Huy! Tiyago — ang sabad naman ni Pasi Nenong — diyata raw at kasal sa langit, ang hindi kasal sa lupa, kapag nagkakasundo ang isang babae at isang lalake? — At sa lakas ng tawa ni Pari Nenong ay konti nang matibag ang pilipil na tinatapakan. — Kung sa lupa ay hindi naka-sal, eh paanong sa langit pa makakasal? Kung sa lupa ay hindi nakasal ay di lalong hindi nakasal sa langit! Iyon, Tiyago, ay katuwiran ng mangungutang na masamang magbayad.

—Saka po, among, tungkol diyan ay ikinakatuwiran ng iba ay hindi na raw po kailangan ang kasal-kasal pa pagka't mayroon daw pong mga "hindi kasal nguni't masarap ang pagsasama. Samantalang meron daw namang kasal pa sa pari, nguni't sila pang hindi nagkakasundo at naghihiwalay pa.

—Alam mo, Tiyago — ang sagot ng pari — iyan nga ang sakit ngayon ng panahon. — Ang mga "hindi-kasal" na nagsasama at nagkakasundo naman, sila'y nagkakasundo, hindi dahil sa kani-lang hindi pagkakasal, nawawatasan mo ba? Magkatiyap ang kani-lang puso, nguni't anomang sarap ng kanilang pagsasama, ay namamahay sila sa kasalanlang dakila, pagka't wala silang hawak na Sakramento na nagpapabanan ng kanilang pagsasama. Ni wala man lang silang katibayan ng kasunduan ng pagsasama. Para lamang silang dalawang ibon na



KATHA NI JOSE B. AGUINALDO

Sa pagkabalisa ni Narding ay nagunita niyang tila sinasakmal na siya ng mahahabang kuko ng kamatayan. Nakikini-kinita niyang lumalapit nang marahan ang malungkot na kamatayan. Nang-hihilakbot siya at nahuhumpak ang kanyang tiyan, kung magunita niya ang kanyang Diyos na sinusumbatan siya, iyang Diyos na nagpaparusa sa masama. Para niyang nakikita ang mga paliwanag ng pari minsan na siya ay makinig ng sermon sa Banal na Pagsasanay... ang kanyang kasalan... ang hindi niya pagkukumpisal, ang hindi niya pagsimba at lalo na ang hindi niya pagpapakasal kay Erlinda. Naluha siya sa gayon niyang malungkot na pagninilay-nilay.

—Erlinda, nakikita ko na ang malupit na kamatayan ay dinadaklot ang aking kaluluwa. Malapit na ang ating paghihiwalay. Hindi na ako uumagahin pa... Kailangan ko, Erlinda, ang isang pari, upang ako'y makapangumpisal bago mamatay.

—Gabling gabi na, Narding, para ang pagtawag ng pari? Baka hindi sumama ang pari ngayong kalaliman ng gabi?

—Mamatay ako, Erlinda... para na ninyong awa, itawag ninyo ako ng pari.

At si Carding ay lalong naiyak, na nagmamakaawang itawag ng pari upang matulungan siyang humingi ng awa sa Panginoon at makapagbawas ng kasalanan.

At ang pari ay dumating na halos ay susuay-suray na sa harap ng paglakad. Basang-basa at punong-puno ng putik. Noon lamang nakahinga ng maluwag si Pari Nenong, nang sapitin ang dampa ng maysakit na malayo pa lamang ay naririnig na ang hahinghing. Sa isang sulok na natatanglawan ng isang malamlam na kandila doon nilapitan ng pari ang nag-aagaw-buhay. Dumahapang ang pari nang halos palupasay sa sahig, upang ang maysakit ay mapangusapan.

—Padre, tulungan mo ako. Ako po'y nagkasala sa langit at sa lupa, — anang malamig na tinig.

At siya ay pinangaralan ng pari, pinaliwanagan, pinagdilidili sa kanyang katayuan at sa kanyang huling kauwian. Pinaalaala si Cristong namatay sa krus dahil sa kanyang kasalanan. At... si Carding ay lumuluhang nagkumpisal... mataos na nagsisi at nagtika.

—Kailangan ninyo, Carding, ay makasal muna sapagka't kayo ay nagsasama sa pagkakasala.

—Opo, Padre, ikasal ninyo kami bago ako mamatay. Kasalan ko po ang hindi namin pagkakasal dahil sa aking maling paniniwala.

At si Carding at Erlinda sa bining ng matinding karamdaman ay ikinasal. Sumumpa sila sa harap ng Diyos na sila'y magmamahalan habang buhay. Sinubuan niya ng Biyatiko at pinahiran ng Santo Lana, saka pinagkalooban ng "bendisyon apostolika".

Nagliwanag ang mukha ni Carding sa laki ng tuwa, sapagka't sila ay BAGONG KASAL. Guamaan ang kanyang budhi, na parang naibsan sa isang mabigat na dala. Guminhawa ang kanyang isip at mata, na parang may dilim na napawi. Hinawakan ang kamay ni Erlinda at saka hinangkan. Minasdan ang mga anak at saka ngumiti na nagdarasal:

—“DIYOS KO, SA IYONG MGA KAMAY INIHAHABILIN KO PO ANG AKING KALULUWA.”

Ikinibit nang bahaya ang kanyang balikat at nalagot ang kanyang hininga. Namatay ang BAGONG KASAL na si Carding, upang ang kanyang HULING PULOTGATA ay doon ipagpatuloy sa kabilang buhay. Ipinikit ang mata, upang doon na idilat sa kabilang hukay.

Habang binibigkas ni Pari Nenong ang panalangin ay nawalang lahat ang kanyang hirap, sapagka't nailights niya ang isang kaluluwa, at naisampa niya sa dala-lampasigan ng buhay na walang hanggang kaligayahan sa Langit!

— WAKAS —

Tinalikuran ang tahanan ng kanya-kanyang magulang at lumipad hanggang sa ibabaw ng mga ulap sa kaitaasan. Dahil sa simbuyo ng bulag na pag-ibg na ito'y nalinot nilang dapat sumangguni sa mga magulang hinggil sa suliranin ng kanilang puso.

nagkatagpo sa parang, nagkasunlawang magkasuwayong ito. Nagsaddo at walang tali ng sumpaan, na ma silang wala man lamang tani-madaling malagot at malakas, sa kala ng sumpaan. Pinagsaluhan nila ang "ligaya at lungkot" ng buhay nang hindi humarap at hindu ng kanyang hininga. Namatay ang BAGONG KASAL na si Carding, upang ang kanyang HULING PULOTGATA ay doon ipagpatuloy sa kabilang buhay. Ipinikit ang mata, upang doon na idilat sa kabilang hukay.

Iyon namang kasal sa pari, ngunit nagkakahiwalay at hindi nagkakasundo, ang hindi nila pagkakasundo o paghihiwalay ay hindi buhat sa kanilang KASAL, kundi sa kanilang masamang kaloooban. Nagkakasala sila, hindi dahil sa kanilang tinanggap na Sakramento kundi dahil sa hindi nila pagtupad sa Sakrementong ito. Banal ang kanilang pagsasama dahil sa Sakramento, ngunit kulang sila sa pagtupad ng mga katungkulang sinumpaan nila.

Sa gayong maling paniniwala ni Narding ay nabulag ang da-

na lamang siya sa lupa.

"Ang katagang Bunso ay siyang bunga ng halamang ipinunla ng isang pag-asawahan sa matabang lupa ng pag-ibig, dinilig ng mga pagsasakit at pagtitiis, at hindi nila nais na ang halamang iyan ay mabansot o matuyot sa matinding sikat ng araw, at lalong-lalo na ang mahinog sa hindi tadhana ng makapangyarihang Diyos. Ang nais ng isang magulang ay ang kanilang mga anak ay maging uliran, sa ugali, karunungan at kalinisan. Kung ito'y maisakatuparan, iyan ang tinatawag na Paraiso ng isang magulang, isang kaligayahan hanggang sa kamatayay ay babaunin. Subali't ang mga naliligaw na anak sa daan ng katuwiran, ay hindi nalalaman ang tunay na kahulugan ng mga aral ng magulang. At ako'y napabilang sa naligaw sa landasin

ng buhay, udyok ng makapangyarihang kaway ng pagibig at hindi ko nababatid na ako'y napalaot sa maalang dagat ng kasawian.

Dahil dito'y ako ay ganap na nagsisisi, katulad ng isang bagong Magdalena na matapos makagawa ng mabigat na pagkakasala ay hinugasan naman ng mga patak ng luha, hindi luhang may balatkayo, kungdi luha ng taimtim na pagtitik, katulad ng isang bagong Pedro na matapos itatuya ang buhay na walang hanggan ay nakiyak sa Kurus ng banal na pag-sisisi.

Tunghayan ninyo ang aking kahapon balot ng kapusukan at nabiiran ng maitim na batik ng kahihyan.

SIMULA:

Ako'y namulat sa isang tahimik, nguni't maalamat na bayan ng Pi-

BAGONG MAGDA

togo, sa may kabilang pampangin ng mga walang palad na mangisang wala nang buhay.

Ang kanyang palibot, bukod sa nangangasul na Look Tayabas sa may dakong Timok, ay mga bukirin at nagtataasang mga puno ng niyog sa may dakong sinisikatan ng Araw at Hilaga na siyang pinagkukunan ng ikinabubuhay na masisipag na nilikha sa bayang yaon.

Bagama't ako'y hindi inanak na may kasamang kutsarang pilak (ang wika nga) ay hindi naman masasabing ang aking mga maguminsan-minsang kinapapadparan

**MAIKLING-
MAIKLING
KUWENTO**

**HOLY
GHOST
COLLEGE**

GUMUHONG PANGARAP

ni Ma. Luisa Afan

Mag-iikaapat at kalahati na noon ng hapon. Ako at ang aking mga kamag-aaral ay matalimik na nakaupo sa aming mga luklukan at mataitim na naghihintay sa aming susunod na guro. Wala ng anu-anong, ang aming punung-guro ay dumating na may kasanang isang binibini na sa anyo ay mapagkikilalang isang guro. Ilang saglit pa at ang tinig ng aming punung-guro ay pumailanlang. "Mga bata, sila ang inyong bagong guro. Inaasahan kong sila'y inyong susundin at igagalang na gaya ng inyong paggalang at pag-sunod sa iba ninyong mga guro." Isang saglit pa at ang aming punung-guro ay dali-daling lumisan. Dili ang hindi ako nagalak sa aking narinig, sapagka't ang aming magiging guro, bukod pa sa may kagandahan angkin, sa wari ko ay may kabaitan pang tinataglay.

Sa una pa lamang pagtudla ng aking mga paningin sa kanya, ako'y nagkaroon nang kaibang damdamin. Marahil ito'y dahil sa kanyang may mapanghalinang tinig at iwing kagandahan. Naibulang ko tuloy sa aking sariling siya na ang pinakamaganda sa aking mga naging guro.

Ang kanyang mga mata'y mapupungay na kung ititig niya'y

waring naglalagos hanggang sa kaibuturan ng aking puso. Karamtaman ang tangos ng kanyang ilong. Ang kanyang mga pisnging namumurok ay mamula-mula na animo talutot ng bulaklak ng rosas. Ang maamo niyang mukha ay lalong nagiging kaakit-akit kapag sa kanyang makipot na labi ay pamimilayayin ang isang matamis na ngiti. Ang magandang hubog ng katawan ay lalong gu-maganda, kapag sinasaliwan ng kanyang mabining paglakad. Anupa't ang lahat ng katangian ng isang Pilipina ay nasa kanya ng lahat.

Mula nang siya'y aking maging guro, ako'y naging masipag sa pag-aaral. Ang gabi'y ginagawa kong araw. Ang aking pag-aaral ay naging magaanak sa aking kalooan, sapagka't may kasabihang "Walang mahirap na gawain kung talagang nanaisin". Ang lahat ng aking magagawa ay ginagawa ko upang siya'y mapalapit sa aking puso. Kung gabing ako'y napag-iisa sa aking himlayan, ang larawan niya ang laging nakaukit sa balintataw ng aking mga mata. Walang sandaling hindi siya ang laman ng aking gunita. Bago ko ipikit ang aking mga mata, siya ang nasa-aking isip, sa aking pag-

tulog, siya ang aking napapangarap at pagkamatutong ng aking mga mata, siya rin ang laman ng aking diwa.

Nguni't isang araw, dumating ang sa ganang akin ay pinakamalungkot na sandali sa aking buhay. Ang isa kong kamag-aaral ay nagpahiram sa akin ng isang magazin. Bagama't labag sa tun-tunin ng aming paaralan na magdala ng mga magasin, ako'y nagdala, una, upang gantihan ko ang kagandahan-loob na ipinamalas niya sa akin, ikalawa, wala namang mahalay na larawan doon maliban sa artistang mga Amerikana at ang iba ay mga tabas ng mga damit.

Kasalukuyang binabasa ng aking kamag-aaral at ng isa pa niyang kasama ang magasin nang dumating ang aming guro. At bago nila naitago ang magasin ay narinig na lamang nila ang marahas na tinig nito. "Dahin ninyo rito iyan." Ilang saglit pa at ang magasin ay nasa kanya ng mga palad. Pagsayad ng magasin sa kanyang mga palad ay walang hunosdili itong pinagpunit-punit. Pagkaraan ng ilang sandali ay itinanong niya kung kanino iyon. Ang tinanong naman ay dali-daling sumagot na iyon daw ay aking

Ako'y nasindak. Napansin kong namula ang dati'y mapula na niyang mukha. Marahil iyon ay dahil sa kanyang malabis na poot. Ang mahahayap na pangungusap na kanyang binigkas ay nakatulig sa aking taynga at waring isang matulis na balaraw na tumimo sa aking dibdib. Halos madurog ang aking puso nang mga sandaling yaon. Subali't ako'y nagsawalang kibo na lamang at tinanggap ko nang buong puso ang kanyang sinabi, sapagkat katungkulang ko ang igalang ang sining na nakatataas ng tungkulin sa akin.

Magmula noon, ang aking pangarap ay unti-unting napaparam. Ang aking adhikain na ako ay mapalapit sa kanyang puso ay bigang iginuhong ng pangyayaring yaon. Subalit hindi pa rin ako na-wawalan ng pag-asa. Sapagka't ang pagmamahal na ipinunla ko sa una pa lamang na pagkamalas sa kanya ay nag-usbong na at sa kabilang pagkamuhi niya sa akin ay lalo lamang sumisidhi ang pagmamahal ko sa kanya at ang pagmamahal na iyan ay babaunin ko hanggang sa huling pintig ng aking puso.

— WAKAS —

FILIPINAS

lat sa buhay. Nakasusunod ako sa aking pithaya, buhat sa aking pagkakaisip hanggang sa mga panahong ito. Kung ito'y masasabing "layaw" marahil ay tinama-sa ko na ang salitang ito sa piling ng aking mapag-arugang magulang. Ang tawag sa akin ay Remy sa buong bayan, tanda ng pagmamahal nila sa akin. Ako raw ay maganda at may kariktang pangarap ng mga makata at manunulat at dahilan diya'y hindi marahil kalabisang ako'y hangaan ng marami. Subali't ako'y murrayang-mura pa.

Sa una pa lamang baytang ng aking pagkakaisip ay ako'y tinuruhan na ang dasal ng aking irog na ina, ako'y sinanay sa paghawak ng "Rosaryo" na sa pinakadulo ay may nakakabit na Kurus na kinapapakuuan ng ating Manunubos, at sa bawa't butil ay binibilang ko ang mga hirap, tuwa at luwalhati ng Kanyang Banal na Ina. Sa tuwing hapong ako'y makakarining ng tugtug ng batingaw sa aming lumang simbahan, tiklop-tuhod akong dumadalangin sa P. Dios, pagkatapos humahalik ako sa mga kamay ng aking masintahing magulang.

Ang tungkuling ginagampanan sa bahay ay hindi ko nakakaligtaan, at tungkulin ko pa rin hanggang sa ako'y papasukin sa paaralan-bayan. Nagsimula na akong magkaroon ng maraming kaibigan. Nahubog ako at namulat sa magagandang aral at halimbawa ng aking mga magulang, iginalang ko ang kanilang kapasiyahan, at bilang ganti naman sa aking pagkamasunurin, lalo nila akong minahal, pagkapalibhasa'y kaisa-isa nilang bunga.

Dumaan ang mga taon, ako ngayon ay nasasa-unang baytang ng mataas na paaralan (High School) may gulang na akong labintatlong taon, isang kapanahunang kung tawagin ay gulang na mapanganib alinsunod sa mga kasabihan ng ating matatanda. Gayon man ay hindi rin nanghihinawa sa pagpaalaala sa akin ang aking irog na ina, na anya'y: — Remy, dahilan sa ikaw ay may kamuraan pa at masasabi kong ikaw ay isang musmos, hindi ko nais na ikaw ay mabubulag sa mga halina ng ma-

nunukso, nais ko'y makatapos ka muna ng pag-aaral bago makaisip ng pag-aasawa." — Opo Nanay, iyan naman ang malimit na sagot ko.

Datapuwa't lingid sa kaalaman ng aking mahal na ama, naglaro ako ng apoy na hindi ko nalalaman sa matinding init nito ako'y mapapaso. Tinanggap ko ang la-kong pag-ibig ng isang binatilyo sa amin, gayong hindi ko nalalaman kung anong natapos na paralan at kung kaninong angkan nabibilang. Nagmahalan kami ng masasabi kong, pag-ibig "bata."

Isang araw, samantalang ako'y papasok sa paaralan, nakita ko ang aking kasintahan na anyong malungkot. Nang aking itanong kung ano ang sanhi ng kanyang kalungkutan ay sinabing siya raw ay tinatawag na ng Pamahalaan sa pagsasanay upang magsundalo, kaya't kung ako'y may pagmamahal pang nalalabi sa kanya ay kami'y magtanan upang papagbuhulin ang aming mga puso sa dambana ng pag-ibig. Sa hindi ko malalaman sanhi, sa kaway ng makapangyarihang kamay ng pagkasala ay nahikayat ako, kaya't kami'y nagkasundo noon ding oras na yaon ay pumunta sa kabukiran na siyang kinalalagyan ng kanyang mga magulang. Noong mga sandaling yaon ay hindi ko naaala-ala ang aking ina na naghihintay sa aking pag-uwis, hindi nagugunita ang hapdi at saklap na aking idinulot sa aking namamanglaw na ina. Binulag ako ng pag-ibig! Iniligaw ako ng kanyang may gahumang mga anyaya!

Dumating kami sa isang dampa na nasasa gitna ng tumana, ang dampang ito na nakikipagtikisan sa mapanghamong panahon, ang sikat ng araw, ang mga sinag ay naglalampasan sa bubong, at kung dumarating naman ang tag-ulan ang kabahayan, ay dinidilig naman ng tubig. Ganyan! Magdamag akong hindi nakatulog at laging panauhin ng aking isipan ang aking ginawang kasalanan, na maaaring magdulot ng kahihiiyan sa aking mga magulang. At, sa halip na ako'y masiyahan sa piling ng aking kasintahan ay ako'y nanghilakbot, natakot at nahiya. ako'y niyakap at tinanong kung



Nang aking itanong kung ano ang sanhi ng kanyang kalungkutan ay sinabing siya raw tinatawag na ng pamahalaan sa pagsasanay upang magsundalo....

Ano ang aking ginawa? Ito ba bakit ko sila ginawan ng gayon. Luha rin ang aking isinagot sapagka't nababatid kong may kabigatan ang aking nagawang kasalanan at ang patawid na lamang nila ang aking inaantay.

Pagkatapos na mapagaralan ng aking mga magulang at maidaan sa isang masinop na pagkukuro ang pasiya ay binuo na huwag akong ipakasal sa lalaking aking sinamahan, ano man daw ang nangyayari sa akin ay mahal pa rin nila ako, at hindi tutulutang mabansot sa hindi oras at matuyot sa init ng araw. Ako'y nasasa kanila nang piling ngayon, nagsisi, ganap na nagtitiis at hindi na patutukso sa makasalanang kaway ng pag-ibig nang hindi kasang-ayon ang aking irog na Ina at ang aking mahal na Ama. Ang magulang ay siyang malinaw na tubig upang inumin ng kanyang nauuhaw na anak; ang magulang ay siyang malinaw na ilaw sa kanyang magulang ay siyang timbulan ng kanyang napapadpad na mga bunso sa maalong dagat ng buhay; at ang magulang ay kailan man hindi nagnanais na mapasama ang kanilang bunso, bagkus minimithi nilang mailagay sa tutatog ng mabuting kapalaran.

— WAKAS —



los magkabanggaan, dahil sa makapal na taong nagsisimba. Wari'y galak-na-galak ang mga mukha nilang lahat; at naglalarawan nang kabanalan at kasiyahan sa Panginoon.

Nguni't, iisang kinapal ang naiwan sa loob ng simbahan; nakuuhod siya at taos-pusong nananaling malapit sa altar. May ilan nang oras na sinasarili ng mahiwagang babae ang katahimikan sa loob ng bahay ng Diyos. Ang sutsutan ng mga ibong-maya ang tanging bumabasag sa katahimikan; at ang pagsasalimbayan niyan ang panakanaka'y napagbalingan niya ng pansin.

Napag-ukulan ng pansin ni Padre Lusero buhat sa koro ng simbahan, ang babaing malaon nang nakaluhod sa harap ng Poon. Ang silahis na nagbubuhat sa bintangang binubuo ng mga iba't ibang kulay ng salamin ang siyang nagbigay sinag sa kanyang mukhang bahagyang nasisilip sa nakasuklob na belo.

At... ilang sandali pa rin sa pagmamasid ni Padre Lusero'y,

huling sambit ni Ailing Pacita at balisang nagpaalam kay Padre Lusero.

Sinarili niya ang ilang sandali at matapos mapahid ang kanyang mga luha, ay walang kalingus-lingos na lumakad hanggang sa mapawi sa mga mata ni Padre Lusero.

Kaawa-awang baba...

Ang nakalipas na mga araw kay Ailing Pacita ay isang gintong aklat sa buhay ng isang ina...

Si Ailing Pacita'y mayroong isang anak, na nagngangalang Ruben. Noong edad walang taon pa lamang ito, ay isang palasimbahan. Ang tanging pinaglalaruan niya'y doon sa puntod ng malalapad na pader, at diyan sa malalig na baldosa ng kumbento.

Ang mga kaibigan niya'y ang matandang Padre Lusero, ang kampanero at ang tiga-luto ng pare. Walang kinatatakutan si Ruben liban sa mga aral ng Katoliko.

Lumaki siya sa edad na labin-dalawa at tumuntong sa Mataas

kasayahan, pagliliwaliw at pakikisama sa mga binatang masasamang uri. Nalilimutan mo na si Padre Lusero. Malabis ka niyang pinaghahanap, nguni't ang nasaabi ko na lamang ay ikaw ay nag-aaral sa Maynila.

Ang pahibalang na sagot ni Ruben sa ina, — Nanay, huwag nga kayong makiaalam sa akin. Nalamnan ko ang ginagawa ko. Ang wariin ninyo'y ang inyong sarili, pagka't kung ako'y lumayas at wala na kayo... Pabayaan ninyo ako, ako ang nakaalam.

Hindi ilang pangaral ang napamulat sa kanya ni Ailing Pacita; at hindi ilang taon ang lumipas, ay malabot pa rin ang mga pangangaral sa kanya. Lalong sumidhi ang kilos ni Ruben. Kung dumating sa bahay ay malalitim na ang oras, at kinaumagahan naman ay hindi nakikita sa higaan; at taglay ang kung anu-anong kasingkapan ng namayapang amaniya, na si Mamang Joaquin.

Isang araw ay tinanong na naman ng ina, — Ano bang natutuhan mo sa Paaralan? Sugal ba at

HUMINGI NG TAWAD

ma hinahon nang tumindig ang babaee. Pagtapat niya sa altar ay lumuhod nang mabanay, nagkurus at lumakad patungong pintuan.

—Sa ilang saglit, ay naroroon na si Padre Lusero sa pinto ng simbahan. Ang babaey pinasalubungan ng bati, — Magandang umaga po, Ailing Pacita. Kumusta po kayo? —

—Mabuti po naman, Padre, — Na noon ay itinunghay ang mukhang bagabag ng luhang umaagos sa pisngi.

—Bakit ba, Ailing Pacita? Ano pong nangyayari? — Wika ni Padre Luserong nabigla at napataksa sa mga anyo nito. — Si Ruben po ba? Huag na po kayong mag-aalaala at babalik din siya; at kung kinakailangan po ang aking tulong ay laan po akong maglin-kod ng aking makakaya.

Si Ailing Pacita ay noon lamang napansin ni Padre Lusero na totoong tumagal sa loob ng simbahan...

—Padre, marami pong salamat... at malalaman din ninyo. — Ang

na Paaralan. Doon siya himangkin ng marami dahil sa likas niyang talino at kasipagan.

Ilang taon rin ang sumapit at tumuntong siya sa ikalabing-anim na taon; at buhat sa mga edad na ito ay kaiba-iba na siya: mataas at malaki na.

Sa kahiwagaan ng panahon ay madalas-dalas ang pangangaral kay Ruben ng ina: katulad nang malabis na pamamalagi sa mga kasayahan, at pakikisama sa mga pangkat ng sugarol.

Sa gayong paraan, ay hindi na mapigil ang pagbabagong-kilos nito. Laging kaulayaw niya ang mga pangkat ng lalaking hindi lubos na may sariling bait. Sa lahat ng kalapit-bayan, sa mga lawigan ay nagliliwaliw sila nang walang humpay; doon pa sa mga bahay ng aliw at sugalan, at sa mga kasayahan hanggang sa lunsod ng Maynila.

Isang araw ay wika ni Ailing Pacita sa anak, — Ruben, magtitigil ka nga nang malabis na

makisama sa mga masasamang budhi? Wari ko ba'y nalililangka na sa ganyang ayos, at nalilimutan mo na ang iba mong katingkuluan.

Hindi ba't sinabi ko na sa inyong, huwag kayong makialam? Ang intindihin ninyo ay ang inyong pagsisimba araw-araw, na wala namang pinangyayarihan, at lalong nagpapalala ng salitaan natin. Ang galit-na-galit na bulyaw sa ina, at pinagsipa pa ang mga silya... at nilisan ang bahay.

Buhat nang umalis siya noon ay nawala na siya sa bahay. Nababitaan na lamang ni Ailing Pacita na ito'y nasa lunsod ng Maynila.

At doon sa lunsod ng Maynila... Dumating din ang araw, na sa kanyang puso'y umapaw ang matinding pagmamahal sa isang baba...

Si Corazon... at si Corazon nga ang itinangi sa buhay ni Ruben. Sa loob ng ilang taong paglisan niya sa piling ng kanyang ina ay nagmahalan na sila nang wagas

Noong umagang yaon ay ang mga matatanda't bata ay patungong simbahan.

Araw ng Linggo... Ang sikat ng araw ay anyong maaliwalas dahil sa makakapal na ulap na hagingin, at itinaboy sa gawing malalayo.

Ang simbahan ng Apostolika Romana sa bayan ng Santo Cristo ay isa nga sa pinakamainam sa lawigan. Bukud-tangi ang sining na ginamit nang sinaunang arkiyekton Pilipino noong 1771. Ang mga pader sa palibot ng patyo ay makakapal, na binuo ng malalapad na bato.

Sa Santo Cristo ay hindi nagbabago ang kabibhasnan. Noong umagang yaon ay ang mga dalaga't binata, matatanda't bata ay patungong simbahan.

Mag-iika siyam na ng umaga. Ang mapapalad na nilikha ay ha-

at matapat.

Isang araw ay ibinungad ni Ruben kay Corazon, — Huwag mong pagsinir ang panahon, at sa isang Hunyo tayo haharap sa dambana.

—Ilan pa bang Hunyo ang ipanggako mo sa akin. Hindi ko na mahihintay ang Hunyo pa, pagka't baka pagsamantalahan mo na ako. — Daing ni Corazon, na nuo" pinanggigiliran ng mga luha.

Lumipas ang isang taon muli at hindi pa rin sila ikinakasal; ngunit yaon ang panahong nagbunga ng anti-unting pagbabalik ng isip ni Ruben. Lagi siyang nakatanaw sa malayo at malalalim ang inisip.

At sa araw-araw naman ay napamangha si Ruben sa mga anayo ni Corazon. Tila nawawalan na ng paniniwala sa kanya ang babae. Lumalamig ang dating maklab na pagmamahal.

Ang ipinagdurusa ng puso ni Ruben ay ang suliranin niya sa buhay. Hindi niya iginalang ang kanyang ina, at nilisan pa sa loob

tigas at walang galang.

—At bakit, Ruben, ngayon ko lamang narinig sa iyong labi ang ganyang mga salita. Wala ka namang kasalan, liban sa mga araw na binahaw mo sa pangako.

—Corazon, sa loob ng isang taon at kalahati ay pinakatangi-tangi kita. Araw-araw ay nasa simbahang ka ng Santo Tomas. Iyan ang tanging napapansin ko, at ikinalili ng kalooban. Ako'y ganyan, noong ako'y bata pa.

Mahal mo ang ina mo at iginaling ng higit sa iyong buhay. Ako naman ay nawalan ng ganyang anyo sa aking ina; nananaghili ako sa mga matimyas na pakitungo mo sa iyong magulang.

Ang tangi ko lamang maisisiwalat sa iyo ay ako'y isang masama.

Kung ako'y muling pakikita sa nanay, at hihingi ng tawad ay huli na... wala na akong mukhang ipakikiharap. Hindi na ako patatawarin... ngayong, kailangan ko na siya upang masaksihan ang ating pagiisang-dibdib.

—Ruben, bakit ngayon ka lamang nagtapat? — Nanalaytay sa pisngi nite ang luhang nagpatawad — Nakikita kong hindi ka pa humihingi ng kapatawanan sa iyong ina ay malaon nang napatawad ka naa... Ang ina ay ina, na pangkaraniwa'y bunga ng pagtitis, dusa't siphayo ng dahil sa anak.

Oo nga Ruben, at ikaw ay naging masama, ngunit nadili-dili mo na ang kahalagahan ng magulang, na pinagkakautangan mo sa buhay sa isang maliwanag...



Dumating din ang araw, na sa kanyang puso'y umapaw ang matinding pagmamahal sa isang babae.

Isang araw ay ibinungad ni Ruben kay Corazon, — Huwag mong pagsinir ang panahon, at sa isang Hunyo tayo haharap sa dambana.

Umalis ako sa piling ng aking ina dahil sa pagkamuhi sa kanyang pangangaral, at dahil pa rin sa, inilihiis ako ng panahong dulot ng masasamang kaibigan.

Sa loob ng apat na taon ay ako'y tumira sa isang pinsan dito sa Maynila. Hindi man lamang ako sumilip sa aking inang pagtitis ng kasawian sa akin.

Marami akong salaping nawalas sa mga sugalan at sa ibang paraan... salaping pinag-bilhan ng kasangkapang ari-arian ng aking magulang.

Patatawarin mo ako Corazon.

Ruben, ako'y isang babaing katulad ng ina mo.

Nakikita ko na sa aking isip ang lahat-lahat, at sa kahuli-hulihan nito'y, ikaw na ang bahala sa aking ina.

Maraming paghahanda ang ginawa ni Corazon upang sumapit at humingi ng tawad kay Ailing Pacita; ngunit buhat nang magtapat si Ruben kay Corazon, ay hindi na natanto ang kinasapitan... bigla na lamang nawala si Ruben parang kinain ng laho.

Mag-iika sampu ng gabi... Isang ambulansya ang tumapat

sa bahay ni Ailing Pacita. Binukasan ng tsuper ang pintuan sa likod nito, at ang dalawang nasa-loob ay marahang inalayahan makulunsad ng sasakyen.

Nakakapit ang kanang kamay ni Corazon sa baywang ni Ruben at tuloy silang umakyat sa bahay. Lukas na noon ang pintuan at si Ailing Pacita'y napamanghang tumulong sa babaing hindi pa niya lubos na kilala.

—Ailing Pacita... —Ang unang binigkas ni Corazon at iya'y dati niyang kilala sa pangalan. — Ito pe'y si Ruben na naglagalag. Matapos pong mawala siya at hindi na muling nagpakita sa akin noong nakalipas na araw, ay nakita ko rin siya sa pamamagitan ng aking matiyagang paghahanap. Natagpuan ko po siya sa "Ospital ng Baliw" ... Ang sabi ng mga doktor ay babalikan din siya ng bait, sa piling ninyo, pagka't ipinagbibigkas niya noong nasa-ospital ay ganito: Nanay, nanay... Nadidinig po ba ninyo ako? Ako nga ba'y masama? Humihingi ako ng tawad... at ikaw na man Corazon, ikaw Corazon ng buhay ko... huwag mo akong iwanan, huwag mo akong pabayaan.

Kilala niya si Ruben at hindi maaring hindi. Tumatagaktak ang luhang nagpapamalas ng tuwa at hapis, — Iha... malaon nang pinatawad ko siya at hinihintay sa araw at gabi...

—Iyan din ang sinabi ko na sa kanya, — Ang sambot ni Corazon. — Mula nang sinabi ko po sa kanya na mapapatawad ninyo siya ay bigla na lamang siyang nawala at hindi na bumalik.

At noon ngang kinaumagahan ng araw ng Lingo... ang siyang tanging umagang ikinamangha ni Padre Lusero kay Ailing Pacita... noong taos pusong nananalangin, upang ihingi ng tawad ang kasalan ni Ruben sa Makapangyarihang Panginoon.

Si Corazon ang tanging nilikha upang magpalambot sa puso ni Ruben matigas at walang galang...

Si Ruben ay pinagbalikan din ng bait at sa pagbabagong-buhay ay humarap silang dalawa sa dambana; at naging maligaya rin ang kanyang ina sa laot ng buhay... — WAKAS —



Ang pag-aalaga sa pagdadalang-tao ay nangangahulugan ng mga pag-iingat at kalinisang dapat gawin sa panahong ito. May dalawang mahahalagang sanhi kung bakit ang pag-aalaga sa pagdadaland-tao ay tunay na kailangan ang mga sumusunod:

UNA. — Ang kalusugan ng isang ina sa mga susunod na taon ay nasasalig sa mga pag-aalaga sa kaniyang sarili sa loob ng siyam na buwang pagdadaland-tao pagkatapos ng panganganak.

IKALAWA. — Upang matiyak ang kalusugan ng sanggol ay kailangang alagaan ito, siyam na buwan pa bago ipanganak o dili kaya, sa oras na maramdamang ng isang babai na siya ay nagdadaland-tao. Sa pamamagitan ng tumpak na pag-iingat, ang sanggol ay magkakaroon ng mabuting laman at butong matitigas at sa ganyang paraan ay mabibigyan ng mabuting pasimula ang buhay ng sanggol.

ISANG PAALALA SA MGA ASA WANG LALAKE

Sa mga buwang kasalukuyang nagdadaland-tao ang isang babae ay diyan kinakailangan ang pag-aalaga at pag-aaruga ng asawa. Ang lalake ay may katungkulang gaya rin ng isang magiging ina, na pagsikapang mabigyan ng mabuting simula ang isang batang isisilang sa liwanag, sapagka't ang isang lalake ay kasuno at katulong ng babae sa pagsisilang ng isang buhay sa liwanag. Kung ang isang lalake ay talagang ma-

hinahon at mabait sa asawa, ay kailangang lubusin — kailangang matutuhang pagpaumanhinan ang mga silakbo ng galit at mga pag-kabigla; itago sa kanya ang mga ikatatakot; sunduin upang siyang mag-alaga piliting maging laging masaya. Ang lalake ay dapat ding mag-ingat sa sarili at humingi ng pa-yo sa isang manggagamot tungkol sa mga mahahalagang tungkulin ng isang ama. Kailangang pagsikapan na ang mga dalahin ng isang ina sa buhay ay maging pinakamagaan.

ANG PAG-IINGAT NG ISANG INA SAMANTALANG NAG-DADALANG-TAO

Pagkatapos matiyak ng isang babae na siya'y nagdadaland-tao ay dapat ikagalak ang nalalipit na pagiging-iná at ihanda ang sarili sa bagong tungkulin. Ang pinakamalaking kailangan ay magpalakas ng katawan at tungkol dito ay ilang mga sumusunod na tuntunin ang dapat sundin.

1. Huwag kaligtaan ang sumang-guni o magpatingin maging sa isang manggagamot, isang nars o dili kaya'y sa isang manghihilot na "licenciada" na kakasama ng loob at mga ikatatakot; sunduin upang siyang mag-alaga piliting maging laging masaya. sa panganganak.

2. EHERSISIYO — Ang mga lamang sa tiyan na kinalalagyan ng bahay-bata ay kailangang palusugin at pagtibayin sa pamamagitan ng tumpak na ehersisiyo upang ang bata sa loob ng tiyan ay bumuti ang lagay at maging madali ang panganganak. Ang mga kinaugaliang gawain sa loob ng bahay ay dapat ipagpatuloy. Ang mga sumusunod ay kailangang iwasan:

- Umupo nang matagal sa paglalaba ng patingkayad.
- Magdala nang mabigat sa baywang at sa mga kamay, gaya ng banga, balde ng tubig at mabibigat na bigkis o balutan.
- Manahi sa makina "de pie".
- Sumakay sa kariton o kari-tela sa mga daang masama.



e. Magyao't dito sa mga daang bundukin at mga hagdanan; lumakad nang matulin.

Ang lahat ng iyan ay lubhang nakatatagtag at mapagbubuhatan ng pagdugo o kaya'y makanan o agasan.

Ang pag-aasikaso ng mga pangkaraniwang gawain sa bahay at mga paglakad na hindi nakapapagod, ay sapat nang ehersisiyo upang ang mga laman ay manatiling masigla.

3. MALINIS NA HANGIN AT SIKAT NG ARAW. — Ang nagdadaland-tao ay kailangang malagi sa labas ng bahay; sapagka't ang malinis na hangin at sikat ng araw ay dalawang bagay na nakakabuti sa kátawan ng tao na mangyayaring tamasahin ng lahat, mayaman man at mahirap. Kung mabuti ang panahon, ay buksan ang mga bintana araw at gabi. Ang paniniwalang simoy ng hangin sa gabi ay masama sa mga nagdadaland-tao dahil sa mga "tikitik" at "aswang" ay lubos na kaululan gaya rin naman ng mga ibang pamahiin. Sa mga araw na maganda ang sikat ng araw, pilitin na ang pananahi o mga pamamalantsa ay gawin sa isang papag sa lilim ng isang malagong puno ng kahoy na malapit sa bahay.

4. PAGPAPAHINGA AT PAG-TULOG. — Matulog ng walong oras sa gabi at isa o dalawa sa hapon.

HUWAG MAG-IISIP. — Ito ay isa sa pinakamasamang bagay para sa isang nagdadaland-tao. Ang pag-iisip ay hindi makalulunas sa isang suliranin sa buhay. Pagbubuhutan lamaang ng hindi pagkakatulog na ipanghihina ng katawan. Anumang ikagagalit ay dapat iwasan. Kung pagod ay mahiga, kailan man at maaari.

5. ANG PAGLILINIS. — Linisin ang katawan sa pamamagitan ng pagdumi, pag-ihi at pagpapawis.

(Itutuloy)

SANGGUNIAN Ng Mga PUSO

ni Maria de la Rosa



Bb. M. de la Rosa,

Isang napakabigat na suliranin ang kasalukuyang bumabagabag sa akin. Mangyaring tulungan ninyo ako sapagka't ang pakiramdam ko po'y namamangka ako sa dalawang ilog.

Ako po'y isang binatang may 26 na taong gulang. Natagpuang ko na sana ang pangarap ng aking buhay sa isang babaeng iniibig ko nang labis at umiibig din naman nang wagas. Sa pagniniig namin minsan nang pagusapan namin ang aming pag-iisang-dibdib ay isiniwalat niya ang isang lihim na gumimbal at gmuho sa lahat ng mataas kong hangarin sa aming hinaharap na buhay may-asawa. Natanto kong siya'y may kinikimkim na napakalaking takot sa panganganak at pagging-in. Ipinakilala niyang hindi siya maibigin sa mga bata at may halong birong sinabi niyang hindi niya ibig magkaanak o kung kinakailangan ay hindi lalabis sa isa. Waring nagbibiro subali't matigas niyang winikang kung maari ay ayaw niyang magkaroon ng sariling anak.

Mahal siya sa akin at malabis kong dinaramdam ang pagkakatuklas nito. Maliban dito, siya na ang palagay ko'y tugon sa lahat kong inaasam sa kabiayak ng puso.

Ang ibig ko pong malaman ay kung sapat na ang pagibig upang ipagpatuloy ko ang aming pag-iisang dibdib o kung sapat nang dahilan iyan upang putulin ang aming pagmamahalan.

Tunay na sumasainyo,

JOSE OLIVARES

G. Olivares—

Ikinalulungkot kong sabihin sa inyo na sa aking palagay ay hindi sapat ang pagibig upang maging maligaya ang inyong pagsasama kung ang babae ay walang tangkang magkaroon ng supling ang inyong pagmamahalan. Dapat ariin ninyong kayo'y mapalad sa pagkakatuklas ninyo ng kanyang balak sa bagay na iyan. Malimit na ito'y nangayaring pagkatapos pang kasal kung maunawaan ng laking ang kanya palang kabiayak ay walang nais magkaanak. Nararapat magkaroon ng pagkakaunawaan sa bágay ná ito bago sila magkasundong pakasal.

Ang pag-aasawa sa isang walang nais magkabunga ang kanilang pagaasawa ay paglalagay ng kaniláng ká-tawan at kaluluwa sa malaking kapanganiban. Sa maláo't madali ang babae'y gagamit ng mga ipinagbabawal na pag-pigil sa pag-aanak o hindi niya tutulutang ang lalaki ay gamitin ang karapatan sa kanya.

PUSONG TAPAT

Alin kayang puso'ng sadyang nalalaan,
Magtiis ng lalong kahiraphirapan
Hanggang sa makitil ang buhay na tangan?
Ito ay ang pusong tapat sa mahalan.

Alin kayang puso ang may pagmamahal,
Na tapat at sukat pagkatiwalaan?
Ito ay ang pusong kung makipagibigan
Ay hanggang sapitin ang luksang libungan.

Ganito ang puso ng Poeng si Hesus,
Na dahil sa atin ay namatay sa Krus,
Mula sa pagsilang hanggang sa matapos,
Ang buhay na iwi'y inyalay na lubos.

Ang Kanyang pag-ibig sa tanang nilikha'y
Walang bahid-dungis at di magdaraya.
Hindi gaya nating kaya magkalinga,
Ay kung tumatanggap sa iba ng pala.

Di pa nagkasiyang tayo ay aralan,
At sa ating buhay ay maging uliran,
Kundi binayaan pang puso'y tarakan,
Ng sibat ng lalong dustang kamatayan.

At ang Kanyang puso ay naging kanlungan,
Niyong mga banal at makasalanan,
Sino mang sumilong sa sugat na iyan,
Magkakamit-pala hanggang kamatayan.

Nguni't bilang tugon ng ibang kinapal,
Sa hirap at sakit nitong pusong mahal,
Ay mga paglibak at paglapastangan,
Sa kapangyariha't sumpung kautusan.

Ang puso ni Hesus ay batis na buhay,
Na dinadulyan niyong kabanalan,
Subalit di yaon ang iniinuman,
Kundi itong batis nitong kamunduhan.

Ito ay ang pusong naging masunurin,
Mula sa pagsilang hanggang sa malibing,
Tapat palibhasang magmahal sa atin,
Kung kaya't ang lahat ay nakayang bathin.

Ang sino mang pusong tapat sa mahalan,
Ay di alintana'ng mga kahirapan,
Ang lahat ng bagay kahit kamatayan,
Ay mamasarapin kung kinakailangan.

A...M...D...G.

V. S. VASQUEZ
Mandaluyon, Rizal

Kung minsan ang umiiral na takot sa babae ay nagmumula sa di niya pagkaalam sa bagay na iyan at kung minsan naman ay dahil sa maling mga paliwanag sa kanya tungkol dito. Maaaring magbago ang kanyang isipan nguni't hanggang ang pagbabago ay tiyak na tiyak at walang pag-aalinlangan kabaliwan na sa isang lalaki ang mágsá-palaran. Sapat nang dahilan upang putulin ang inyong pagmamahalan kung ang inyong kasintahan ay laban sa tunay na pakay ng pag-aasawa.

DAHONG PAMPANITIKAN PAR

UKOL SA UNANG TAON

ANG TATLONG KAHARIAN

Halaw ni Isaac Stocki

May isang matandang kuwento tungkol sa isang haring nabuhay noong unang panahon sa Alemania.

Siya'y isang mabuting hari, subali't malimit mamanglaw at sa ganitong kalagayan ay walang malamang madulutan ng anumang handog sapagka't ang hari ay mayaman at mayroon siya ng lahat ng bagay na kanyang nais.

Ang hari ay may mga bapor na dumadayo sa iba-ibang lupain nitong malawak na daigdig. Ang mga bapor na ito ay umuuwing may dalang sari-saring kasangkapan para sa hari at reyna, — kaya wala nang sukat maibigay ang mga tao sa kanilang hari.

Ang libangang kinagigiliwan niya ay ang pagsakay sa kanyang malaki't maputing kabayo at malunton sa mga tagong landas hanggang sa makarating sa malayong pook upang dumalaw sa mga taong naooroon.

Kapag nabalitaan ng mga tao na siya ay nasa-kalapit-bayan ay naglilinis sila ng mga tahanan at bakuran. Sa ganitong paraan, ang buong bayan ay nagiging malinis pagdaan ng hari.

Isang araw, sa isa niyang ganitong paglalakbay, ay napadako siya sa isang maliit na paaralan ng isang malayong nayon sa labas ng bayan. Nakarinig siya ng mga batang umaawit. Siya'y umibis sa kabayo at ipinugal niya ito sa isang haligi ng bakuran ng bahay-paaralan.

Sa sandaling yaon ay napatingin ang guro sa bintana at natanawan niya at nakilala agad ang hari. Nalugod siya sapagka't ang hari ay dadalaw sa kanyang klase.

Sinalubong ng guro ang hari sa pinto at inanyayahan niyang pumasok, samantalang ang mga bata ay nagsitayong lahat at buong pitagang nagsiyukod. Umawit sila ng ilang maiinam na awit para sa kanilang hari.

Pagkaraan ng ilang pagliliksyon ay itinanong ng guro kung ibig ng

haring makipag-usap sa mga bata. Tumindig ang hari at tina-wag ang isang batang babaeng may kagandahan kaakit-akit at may malago at kulot na buhok.

Ang batang munti ay nangingi-mi at namumulang lumapit sa maginoo.

"Huwag kang matakot," ang marahang wika ng hari. "Mahal sa akin ang lahat ng mga bata." Kinuha ng hari ang isang mansanas sa mesa ng guro.

"Masasabi mo ba sa akin kung nasa-anong kaharian ang mansanas na ito?"

"Opo, Inyong Kamahalan," ang tugon ng bata. "Ang mansanas ay nasa-ilalim ng kaharian ng mga halaman."

"Magaling," anang hari nang buong kasiyahang-loob. "Mabuti ang pagkakaturo sa iyo."

Dumukot ang hari ng isang salaping ginto sa kanyang bulsa. Yaon ay isang maliit na salaping hindi pa nakikita ng bata.

"Sabihin mo sa akin kung sa anong kaharian nabibilang ang salaping ito," aniya.

Sandaling natigilan ang bata dahil sa pagkawili niya sa kinang at ganda ng salapi. Nguni't napatingin din siya sa hari at naalaala niyang sumagot. "Iyan po ay kabilang sa kahariang mineral."

"Mahusay!" ang bulas ng hari, a malugod na pinisil ang pisingi ng bata. "May isa pa akong tanong sa iyo: Sa aling kaharian ako kabilang?"

Ang bata ay namula at natigilan. Ang guro man ay halos hindi makahinga, at gayon din ang mga ibang batang nasa-silid. Kung sabihin ng batang ang kanilang hari ay kabilang sa "kaharian ng mga hayop," ang sagot na ito'y ikatuwa kaya ng kanilang hari, ang sagot na ito'y krapat-dapat kaya sa isang hari?

Matagal na di umimik ang bata, na tila bagang pinag-aara lang mabuti ang kanyang isasa-

got. Pagkaraan ng ilang sandali ay itinaas ng bata ang kanyang mukha at narinig ng lahat ang kanyang ibinigay na tugon:

"Kayo po ay kabilang sa kaharian ng Diyos!"

Tahimik na tahimik ang buong silid. Sa sandaling yaon kung may isang karayom na nahulog sa sahig, ang kalabog nito ay buong ingay na maririnig.

Lumuluha ang dakilang hari nang siya'y yumuko sa tabi ng bata at pinangko ito sa kanyang mga bisig at hinalikan. "Irog kong batang musmos," anyang buong dahan at lipos ng pagmahal. "Kailanman marahil ay di mo masusukat ang ginawa mo sa akin sa araw na ito. Dati-rati'y hindi ko matalos kung bakit ako'y napakamalungkutin, subali't ngayon ay batid ko na. Alam ko na ngayon ang dahil ay pagka't kahit ako'y kabilang sa kaharian ng Langit ay hindi ako nakapagbigay ng kaukulang pagkilala sa Hari roon." Itinaas niya ang kanyang kamay at itinuro ang langit. "Mula ngayon ay ipinangangako kong ibibigay ang aking pagibig at paglilingkod sa aking Hari gaya ng ginagawa sa akin at aking mga nasasakupan."

Ipinagkaloob niya ang salaping ginto ay nilisan niya ang paaralan, — isang tanong may higit na karunungan at kabutihan kaysa noong siya ay pumasok.

Nang humarap ang guro sa kanyang mga bata, siya man ay naliwanagan din at ibinulong niya sa sarili:

"Isang bata ang siyang papatnubay sa kanila."

TALASALITAAN

mamanglaw, to become melancholic
pag-aliw, act of comforting
madulutan, to be able to give
handog, offering
dumadayo, go abroad
libangang kinagigiliwan, preferred pastime
manalunton, to follow (a route)

paglalakbay, travel
umibis, alighted
ipinugal, tied
nalugod, became pleased
dadalaw, will visit
sinalubong, met, welcomed
nagsiyukod, bowed (pl)
nangingimi, feeling embarrassed
namumula, blushing, reddening
pisngi, cheek
pinisil, pinched
karapat-dapat, fit, appropriate
pinangko, carried (in the arms)
batang musmos, innocent child
paglilingkod, service
aking nasasakupan, under my rule
bating-papuri, greetings of praise
papatnubay, shall guide

MGA TANONG

1. Kailan nangyari ang kuwento nitong ito?
2. Tungkol kanino ang kuwento?
3. Ano ang katangian ng hari?
4. Bakit hindi siya maliliw ng mga tao?
5. Ano ang kinagigiliwan niyang libangan?
6. Ano ang ginagawa ng mga tao kapag nalamang siya'y darating?
7. Saan siya nakarating isang araw?
8. Ano ang ginawa ng guro at ng mga bata?
9. Sino ang tinawag ng hari?
10. Ano ang kanyang unang tanong?
11. Tama ba ang sagot ng bata?
12. Ano ang ikatlong tanong ng hari?
13. Bakit hindi nakasagot agad ang bata?
14. Ano sa wakas ang sagot?
15. Tama ba?
16. Ano ang ikatlong tanong ng hari?
17. Bakit natigilan ang bata?
18. Sino pa ang mga ibang nag-alaala sa isasagot ng bata?
19. Ano ang isinagot ng bata?
20. Naibigan na ng hari ang sagot?
21. Ano ang nangyari sa lahat pagkasagot ng bata?
22. Ano raw ang hindi talos ng hari noong una?
23. Bakit niya natalos ngayon?
24. Ano ang tunay palang dahilan ng kanyang pagkamalungkutin?
25. Anong pangako ang kanyang sinabi ngayon?
26. Ano ang ibinigay niya sa bata?
27. Ano ang nasabi niya sa guro?

A SA MATAAS NA PAARALAN

UKOL SA IKALAWANG TAON

LAGALAG

Tata Uweng

"Lolo! Tatang, isang kuwento po naman!" ang sigawan ng mga apo ni Tata Uweng pagpasok na pagpasok niya sa tarangkahuan. Nagunahan ang mga bata sa paghalik ng kamay. Sabik na sabik sila sa kanilang Tata Uweng. Ang matanda ay may isang taong na-paibang bayan.

"Kaawaan kayong lahat ng Panginoong Diyos!" ang magiliw niyang wika. "Tayo na sa bahay at may ikukuwento ako sa inyo."

Nang makapanhik na ang lahat ay naligid ang matanda ng mga anak at mga apo. Wala siyang malamang balingan, ang isa't isa ay nagtatanong at humihingi ng kasagutan. Abut-abot ang mga pag-uusisa.

Mayamaya'y sumigaw na ang apo niyang si Fe.

"Lolo! Sabi po ninyo'y may maganda kayong kuwento!"

Siyanga naman!" ang pangalawa nina Caridad at Manoling.

"Siya! Siya!" ang nakatawang sabi ni Tata Uweng. "Tumahimik na kayo!" Naghari ang ganap na katahimikan. "Ang pamagat ng ikukuwento ko sa inyo ay "Lagalag", tungkol ba sa isang batang naging masuwayin sa mga magulang at nagsama sa masasamang mga kaibigan hanggang sa siya man ay sumama na rin at naging tulisan pa. Malungkot ang kaniyang kinahinatnan."

"Kaawaawa naman!" ang sambit ni Fe.

"Siya, rin ang dapat sisihin!" ang wika naman ni Caridad.

"Ang kaawa-aaw'y ang mga magulang niyang wala namang kasanlan!" ang katlo ni Manoling.

Pumanatag na sa upo ang mga bata upang makapakinig silang maigi.

* * *

"Magnanakaw! Magnanakaw!" ang sigawan ng mga tao sa tabi ng pamilihan sa isa sa mga bayan

LAGALAG

Tata Uweng

ng Pampanga. May mga nagtanggap na naman!" ang sigawan ng mga kang humabol sa magnanakaw; apo ni Tata Uweng pagpasok na pagpasok niya sa tarangkahuan. Nagunahan ang mga bata sa paghalik ng kamay. Sabik na sabik sila sa kanilang Tata Uweng. Ang matanda ay may isang taong na-paibang bayan.

Hindi nagtagal at dumating ang mga pulis. Inusisa nila ang pinagnakawan. Sinundan nila sa sinasabing pinagdaanan. Humingi pa sila ng tulong sa mga kustable. Nguni't wala ring nangyari; hindi rin nahuli ang magnanakaw.

Pagkaraan ng ilang araw ay natuklasan nila ang magnanakaw ay nagngangalang Sunico. Siya pala'y bugtong na anak ng isang pag-asawahan, mababait na mga taong nabibilang sa mabubuting mga angkan, at kilalang may mga loob sa Diyos.

Kaisa-isang anak palibhasa, si Sunico ay lumaki sa layaw. Pinapag-alaral siya, nguni't sa paaralan ay wala siyang ginawa kundi ang magsama sa mga batang may masasamang hilig, hanggang sa siya'y matutong magsugal at magnakaw.

Sa takot na mahuli at maparusahan ay hindi na nangahas umuwi si Sunico. Siya'y namundok na sumama sa mga tulisan. Gayon na lamang ang kahihiyian, lungkot at pag-aalaala ng mga magulang niya!

Naging lagalag si Sunico. Baga't lalabimpitong taong gulang pa lamang siya ay dinaig pa niya ang matatandang tulisan sa kapangahanan. Nalibot niya ang kalawakan ng Kapampangan, Bulakan, Kabite at Nueva Esiha. Naging kilabot ang kanyang pangalan.

Walang tigil ang pagsisikap ng mga pulis at kustable na siya at ang mga kasama niya ay mabakip. Nguni't nakakaiwas sa mga alagad ng batas.

Nguni't sa wakas ay napikot din siya. Pagkatapos ng isang maghigitang labanan ay nadakip siya at ang kanyang mga kapwa tulisan. Kumalat na tila sunog sa

ANG TATLONG KULAY NG BANDILA

Alberto Segismundo Cruz
PULA

Matingkad na kulay; pulang nagbabaga sa ating Bandila, Dugong tunay itong nabubo sa parang sa mithing paglaya... Kulay na sagisag ng giting at tapang sa pananalasa't Apoy ang katulad na likha sa puso'y ang init ng nasa; Ngayong maladlad na ang aming Watawat sa tanging dambana, Ang pula ring ito an wari'y may sabing kami'y nanalasa!

PUTI

Malinis na kulay; sinlinis ng aming puso't kalooban, Sagisag ng aming kalumangging Lahi't pulu-pulong Bayan... Ang ibig sabihin, kung ikaw'y dayuhang nais manuluya't Lumilim sa langit nitong aming Lupang "Mutya ng Silangan"; Puso nami'y bukas upang tanggapin ka nang buong hinusay Tandang maliwanag na ang Lahi nami'y may dakilang asal.

BUGHAW

Kakulay ng langit, ang bughaw na langit na nakalilim Sa "sanlibong pulong" may iisang diwa't may tanging mithiin; Parang natalata sa kulay na ito ang huling habilin Ng mga bayaning nasawi ang buhay sa gitna ng dilim... Sa mutyang Watawat ang bughaw na ito'y saksing walang maliw Ng aming pangarap, ng aming adhika't banal na layunin!

TALASALITAAN

nabubo	was, were spilled,	sagisag	symbol
	poured	pananalasa	fierce, reckless
giting	nobility		attack
dambana	altar	bughaw	blue
natalata	was, were written	huling habilin	last wish; testament

MGA TANONG

1. Anu-ano ang mga kulay ng ating bandila? 2. Anu-ano ang katulad ng kulay na pula? Sagisag ng ano ang kulay na ito? 3. Ano ang katangian ng kulay na puti? 4. Alin ang kakulay ng langit? Ano ang natalata sa kulay na bughaw? Saksi ng ano ang kulay na ito? 5. Bakit dapat nating mahalin at igalang ang ating watawat?

gubat ang balita. Nadakip din sa numang nagsikap na mapagaan wakas si Sunico, ang "hari" ng ang parusa sa kanya, mga tulisan!

Nang umabot sa ina ni Sunico ang balita ay nagkasakit ang matanda sa tindi ng sama ng loob. Kinabukasan din ay namatay siya. Ang ama ni Sunico, na mabihin na rin ang katawan ay siya namang naratay. Hindi naglipat-lipgo ay namatay rin siya.

Si Sunico ay napag-isa nang lubos sa daigdig. Ni hindi niya na-balitaan ang pagkamatay ng kanyang mga magulang.

Walang sinumang nalungkot sa natulan ng Lagalag. Sa bilang-kanyang pagkakapiit. Walang si-guan siya namatay.

Iyon ang malungkot na kinahihanap niyang patay na.

DAHONG PAMPANITIKAN PAR

UKOL SA IKATLO AT

ANG PAGLALAKAD NG NAG-IIASA

“Pakatantuin ng ina na ang kali-nisan ng isang dalaga ay parang isang bubog, na kahi’t di magkalamat, kahi’t di mabasag, mahinahan lamang ay narurungisan na.” — Sa Urbana At Felia

Ang paglakad ng may kasama ay isang ugaling Pilipinong hindi gaanong nasusupil ng lakas ng makabagong panahon. Noong panahon ng ating mga nuno, ang ugaling ito ay mahigpit na sinusod. Ang mga babai lalo na ang mga dalaga ay di pinababayaang maglakad ng nag-iiasa. Kung dumadalo sa mga kasayahan, tulad ng sayawan, panooran o piknikan, ang isang babai ay sinasamahan ng isang nakatatanda sa kanya kung hindi maaaring sumama ang kanyang magulang. Kung malapit lamang ang kanyang pupuntahan ay kahi’t isang maliliit na kapatid ay maaari na niyang kasamahan. Datapwa’t kung sa mga pistahan, ang dalaga ay kinakailangang samahan ng kanyang mga ina, ama o sino mang matanda nilang kamag-anak. Ang matandang kasama ay hindi upang maglibang o makibahagi sa kanilang mga kasayahan kungdi upang tingnan lamang na ang lahat ay nasa-ayos at hustong kalakaran.

ANG KASUUTANG PILIPINO

“Ang tunay na Pilipina ay may wagas na pag-ibig sa sariling tugtugin, awit, sayaw at sining.”

— Socorro F. Tolentino

Ang baro at saya ng babaing Pilipina ay umaani ng di gagamong papuri at paghanga sa lahat ng bansa sa daigdig. Sa bawa’t tanghalan ay kinagigiliwan ng lahat ng nanood na mga tagaibang bansa ang kasuutan ng ating mga babai. Nagtataka sila kung panalo napagtitiyagaang gawin ang mga habi ng damit na ating ginagamit lalo na iyong mga damit na ginagamit noong unang panahon, na may mga maririkit at maseselang burdang kamay. Ito ay isisa sa mga kaugalingan dapat nating kipkipin at may karapatan tayong ipagmalaki sapagka’t talagang atin. Ang kasuutang ito ay siyang nagtatangi at nagtatanyag sa uri ng babaing Pilipina.

ANG PAKIKILAMPAS

“Ang kataasan ay siyang susing nagbubukas ng pinto ng Kalungkutan.” — Mariano Pilapil.

Kung kinakailangan ng isang tao ang makiraan sa looban o satib ng bahay ng iba, ay nagsasabi muna siya ng “Makikilampas po”, o “Makikiraan na po”. Ito’y isang ugaling laganap sa lahat ng nayon o kabukiran ng Pilipina. Ang bakuran ay pag-aari ng isang tao at dahil dito ay kailangang igalang ng kahi’t sino. Ang ugaling ito ay nababatay sa karangalan ng paggalang sa karapatan ng tao sa kanyang pag-aari. Nagpapakilalang bago tumapak ang isang tao sa lupang ari ng iba ay inihihingi muna ng kapahintulutan. Kung ang dumaraan ay di kakilala ng may bahay ang isinasagot na lamang ay “Opo”, upang ipakilala naman ang kagan-dahang-loob ng may bahay, hindi lamang sa pagpapahintulot kungdi pati sa pagtugon sa nakikiraan. Kung ang dumaraan naman ay kakilala ng may bahay ay siya’y aanyayahan muna na pumanhik sa bahay at tatanungan kung saan siya patutungo o kung ano ang kanyang gagawin sa kanyang patutunguhan.

“MAKIKIRAAN PO”

“Ang tao mang nag-aaral at mawalan ng paggalang ay nagpapapasyaw ng kanyang pangalan.”

— JORGE BOCODO

Isang ugaling kinagigiliwan ng lahat at kahi’t na ng mga tagaibang bansa ay ang paggalang ng isang tao kung may nag-uusap. Bago dumaan ang isang tao sa gitna o sa harapan ng mga taong nag-uusap ay humihingi muna siya ng kapahintulutang makalampas. Kung hindi naman makakaiwas at kailangang dumaan sa harapan ng nag-uusap ay yumuyukod muna siya nang kaunti, inuunat ang kangan kamay sa harapan at saka nagsasabi ng “Makikiraan po”, o kaya’y “Mawalang galang na po”. Ang ugaling ito ay napakaganda at di maikakait na isang kayamanang karapatdapat na ipamana sa ating mga anak at mga apo.

ANG PAGGALANG SA BABAI AT MATANDA

“Tayo’y makianib sa mga kilusang likha sa’ buhay na maging tunay na batis ng kaligayahan; itayo natin ang ating mga mamayan sa matibay na saligan ng gintong asal.”

Pedro Y. Ilagan

Maraming bagay ang pinakakakilanlan ng paggalang sa mga babai at sa mga matatandang tao. Karaniwang inuugali ang pagbibigay ng upuan sa mga babai at matatanda kung sila’y nakatindig. Ang mga bata ay may katungkulang siyang unang bumati at magpugay sa masasalubong na kakilangang matandang tao. Sa mesa ng pagkain ang mga matatanda ang siyang binibigyan ng mga tanyag na upuan. Pagpasok o paglabas sa pintuan o kaya’y pagpanhik o pagpanaog sa hagdanan, ang mga babai at matatanda muna ang binibigyan ng daan. Gayondin naman kung makikipag-usap sa mga babai o matatandang tao ang sombrero ay inaalnis o nagpupugay. Itinuturing na kawalan ng bait ng isang tao ang di pag-aalis ng sombrero sa loob ng tahanan.

Maging sa pagsasalita ang paggalang ay di rin iwinawaglit. Ang pamumupo kung nagtatanong o sumasagot sa isang matandang tao ay isang magandang asal. Ang paggamit ng salitang sila at kayo sa halip na ikaw lamang kung nakikipag-usap sa isang nakatatanda ay tunay na nagpapahayag ng paggalang at gintong asal. Sa pag-aabot ng ano mang bagay ay ginagamit ang kanang kamay at kung hindi maaari sapagka’t may kadahilanan ay sinasabayan ng salitang: “Ipagpaumanhin ninyo, kaliwa po”, ang pag-aabot. Iyan ay mangyayaring maliliit na bagay sa biglang tingin, datapwa’t sa Pilipinas na ang asal at ugali ng isang tao ay minamahalaga kaysa ginto o pilak ang pag-iingat ay dapat na dadagan upang huwag mapulaan.

“TAO PO”

“Ang magandang asal ay nasa-salig sa wastong katuwiran; kung ang saligang iyan ay wala, ang magandang asal ituro man ay matutulad lamang sa isang kahoy na walang ugat ni buhay.”

— T. H. PARDO DE TAVERA

Sa mga lunsod at malalaking bayan ang pagtawag sa bahay ay ginagawa sa pamamagitan ng pagtuktok sa pintuan, tulad ng inuugali sa Amerika at Europa. Nguni’t sa ating mga nayon at

A SA MATAAS NA PAARALAN

IKAAPAT NA TAON

ANG HANOAAN SA PATAY

"Makinig at tumalima kayo: Walang sinumang bubulahaw sa kahimikan ng mga libungan. Kung dumaraan sa tapat ng mga yungib o kahuyan na may mga libungan ay bigyan sila ng buong pitagan."—KALANTIYAW

Isang matandang ugali sa ating bayang dapat na putulin ay ang gawaing paghahanda ng isang mag-anak kung mayroong mamatay. Mangyayaring ang mga kamag-anak at kakilala ng namatay ay magbigay ng abuloy, datapwa't ang kalimitan ay hindi nagkakasiya ang mga abuloy na iyan sa ginugugol sa pagpapakain sa mga panauhin. Karaniwang ginagawa ang pagsasangla o pangungutang ng mga naulila upang makasunod lamang sa hinihingi ng kaugalian. Nguni't bakit ipaghahanda ang namatay? Bakit hindi ipunin ng mga naulila ang anumang iniaambag sa kanila upang ang naputol na lakas sa ikapagtatawid ng buhay, kung sakali't ang ama o ina ang namatay na siyang nagpapasan ng mga gawaing sukat na ikabuhay ng mag-anak, ay magamit na suhay hanggang sa mahimasmasan ang nagiklang mga naulila. At hindi pa iyan ang kapatusan, sapagka't mayroon pang dalawang pagkakataong pinaghahandaan din: ang siyaman at ang paglalaglag ng luksa. Iyan ay mga gugol na walang kapararanan at matatandang kaugalian dapat na lipulin magpakailan man.

ANG PAGKAKAHIK NG MANOK

"Ang mga taong tamad sa langgam ay magsitulad."

Ito'y isang ugaling karamiwang mamamasid na ginagawa kung umaga at pagsapit ng hapon. Pulu-pulutong na mga lalaki ang nangakapaningkayad, harap-harap na pabilog sa gitna ng daan. Bawat isa'y may hinihimas na manok. Mahalagang panahon ang ginugugol at inaaksaya sa kaugalian ito: Ang manok ay naaaring himasin at ikahig sa loob ng ilang oras, nguni't ang anak na may sakit o wala man ay di man lamang hipuin kahi't isang saglit. Ang manok ay hinihimas sa buong maghapon, nguni't ang mga tapayan ay walang lamang tubig upang ipaligo ng mga anak at ipaglinis sa bahay at mga kasangkapan. Ito ay ugaling hidwa. Marami ang namumulubi, ang tahanan ay nababalot ng kasalanan, ang mga bata ay di makapagpatuloy sa pag-aaral dahil sa gawang pagkakahig ng manok. Kung ang panahong inaaksaya sa ugaling ito ay iniukol sa pagbabasa ng mga pahayagan at aklat, sa pagtatanim ng mga halaman, at sa pag-iisip ng mga bagay-bagay na ikauunlad ng kabuhayan ng mag-anak, ang mga mamamayan ay tatalino, makapagtutipid at mabubuksan ang mga daang tungo sa kaligayahan nila at ng bayan.

maliliit na bayan ay di karaniwang ginagawi iyan. Kung nais na pumanhik sa isang bahay ay nagsasabi muna ng salitang "Tao po", at hindi tumutuktok sa pintuan. Ang pagpapatao po ay laganap sa Katagalugan. Sa Kabisayaan ay iba naman ang kanilang binibigkas. Ang sinasabi nila ay "Maayong buntag" o "Maayong hapon" (Magandang umaga o Magandang hapon). Sa lalawigan ng Antike, ang isang panauhin ay hindi binubuksan kung hindi siya magsasabi ng salitang "Tagabalay".

ANG PAMAMASKO

"Kailan man ang kaligayahan ay dapat magmula sa tahanan." —Eulogio B. Rodriguez

Ang araw ng Pasko ay araw ng kasayahan ng mga bata kahi't saang panig ng Kakristiyahan. Sa Pilipinas ang Pasko ay isang tanging araw na pinag-uukulan ng isang magandang kaugalian. Ito ay ang tinatawag na pamamasko. Ang mga bata ay maagang ginigising at binibihisan upang mangagsimba. Matapos ang pagsisimba, ang mga bata ay tumutungo sa kani-kanilang mga inaama at iniiina sa binyag at sa kumpil upang humalik ng kamay. Ang mga ninong at ninang naman ay naghahanda ng kanilang mga aginaldo sa lahat ng kanilang mga inaanak. Ang aginaldo ay maraming uri, tulad ng pera, laruhan, o kaya'y mga makakain. Matapos na makapamasko ang mga bata sa kanilang mga ninong at ninang, ay nagsisitungo naman sila sa kanilang mga kamag-anak. Sa loob ng tatlong araw ang mga bata ay naggagala at namamasko. Ang lahat ng kanilang mga napamaskuhan ay ibinibigay nila sa kanilang mga magulang. Sila naman ay ibinibili ng mga bagong damit, sapatos, at iba pang mga kagamitan.

Ang pamamasko ay ginagawa rin kung araw ng bagong taon at sa araw ng tatlong hari, bagaman at dito ang mga bata ay hindi na gaanong naggagala at ang mga binata, dalaga at matatanda ang siya na lamang na dumadalaw sa mga kamag-anak at kakilala.

Ang pagdadalaan ng mga magkakamag-anak kahi't minsan sa isang taon ay napakainam na kaugalian. Ito'y nagbibigay ng pagkakataon upang ang isang angkan ay muling magkalapit-lapit at muling mabukluran kung nagkakalayu-layo man ang mga dam-damin.

ANG MASASAMANG ASAL NA DAPAT LIPULIN

Bagaman tayo ay maraming mga ugaling uliran na dapat na pagyamanin, ay mayroon din namang mga ilang asal na hindi kasiya-siya, kaya't kailangang lipulin. Hindi tayo dapat magwalang bahala sa mga bagay na ito, sapagka't ang pagpapabaya ay hindi siyang mabisang lunas ng isang karamdaman. Ang masasamang asal ay mabibigat na sakit ng buhay-lipunan, at ang hindi paglipol diyan ay mangyayaring magbunga ng maraming pula sa mga mamayan at sa bansa.

Ang mga pangit na ugali ay hindi lamang kapulaan ng taong gumagawi ng mga iyan kung hindi kapulaan ng buong bansa. Ang Pilipinas ay nasa-panahon ng pagpapatatag ng kanyang pagka-bansa, at ang katatagang iyan ay hindi lamang nasasalig sa mga bagay na pangsangkap sa buhay kungdi pati sa magagandang asal at gintong ugali ng mga mamayan. Iwasan natin ang mga bagay na makapupusyaw sa karangalan ng ating bayan. Ang buong daigdig ay naghmasid sa atin ngayon, sapagka't ang ating kasarinlan ay nasa-atin na. Dahil dito'y mayroon tayong mga bagong kapanagutan hindi lamang sa ating sarili kungdi maging sa harap man ng mga ibang bansa. Kaya't ngayon ay panahon na ng pag-sikap sa lahat ng bagay na magtatampok sa karangalan ng ating bansa, at isa nga riyen ay ang pagsugpo sa mga masasamang ugali at hidwang asal.

Tunghayan natin ang ilang masasamang asal na dapat na lipulin.

(Hango sa Philippine Adult Education Series)

Tagasalaysay—Sa Maynila — Sa Ben—Tatang... Naaalaala ko po mantalang nagbabasa si Mang Juan ng pahayagang pang-umaga...

Batang naglalake ng pahayagan—Bagong-Buhay...
Balita.... Araw.... Ba gong...

Mang Juan—Ssst... sst... Bata! Hagisan mo nga ako rito sa bintana, noong Araw at yaon ngang... Bagong Buhay.

Batang nagtitinda ng pahayagan—Barya po lamang Mama. Wala pa po akong pinagbibilhan.

Mang Juan—Oo, ihagis mo nang malakas.

Batang nagtitinda ng pahayagan—Heto po, saluhin ninyo — hayan.

Mang Juan—Hup... O, heto ang bayad. Bukas, dalhan mo uli ako ha?

Batang nagtitinda ng pahayagan—Opo... Balita...
Bagong-Buhay...

Mang Juan—“Mga Bagong Doktor.” Ang nasa-ibaba nitong mga pangalan ay siyang mga mapapalad na nakasulit sa pagka doktor sa Sirurhiya... na ibinigay ng pamahalaan noong na-karaang buwan. Alfredo de Mesa, U.P., Ambrosio Trinidad, U.S.T. Delfin Euenaventura, U.P., Benjamin Cruz... Naku! Ben, Ben... Halika... naririto anak ang pangalan mo. Kabilang ka sa nakasulit sa pagka-doktor.

Ben—Ano po, iyon...?

Mang Juan—Halika’t basahin mo. Hayan... ang pangalan mo. Benjamin Cruz, Anak, Doktor ka na ngayon.

Ben—Oo, nga po! Nasabi na po sa akin kanina sa telepono noong kaibigan kong reporter. Ako nga raw ay ay nakasulit.

Mang Juan—Benjamin... Bakit ka malungkot? Hindi ka ba nasisiyahan sa karangan mong natamo? Magtagpat ka sa akin anak. May dinaramdam ka ba?

Ben—Wala po.

Mang Juan—E... bakit ka matamlay? Ang mga kaalinsabay mo, bagama’t hindi ko nakikita ay natitiyak kong nagnumapaw ang galak sa kanilang mga kaloo-
ban.

ko si Ben, na siyang nag-dadala ng inyong panang-halian—at nasabi sa akin ng aking anak na si Ben daw ay ang pinakamaru-nong sa kanilang eskuwela-han.

Fely—Ako nga po ay nagpapasa-lamat sa Diyos at ako ay pinagkalooban ng isang mabait na anak.

Angelina—O, hayan! Dumarating—bitbit na ang inyong pagkain. Malaki na ang inyong pakinabang sa inyong anak. Naku, iyong mga anak ko — puro laro ang inaasikaso.

Fely—Alam ninyo Aling Angelina, iyan pong anak ay tulad din sa isang puno, hanggang maliit ay kaila-nga hutukin at nang ma-hilig sa inyong gusto pag-laki.

Angelina—Hindi po... Talagang mayroong mga bata na may masamang bukal.



DULANG PANRADYO NG CYO

Fely—Dyan kayo nagkamali. Ibig baga ninyong sabihin ay mayroong mga anak na pagsilang na ay tungo na sa masama...?

Angelina—Opo...

Fely—Hindi po... nasa-ating mga magulang ang isinasama ng ating mga anak... Kung kulang tayo sa pangaral, at mapagwalang-bahala sa kanilang kasalanan ay talagang maaaring sumama ang sino mang anak.

Angelina—A! heto na si Ben!

Tingnam nga ninyo, kayo ay hindi na umuuwi, saman-talang ako ay maglalakad pa sa init ng araw na iyan.

Ben—Inang, heto naa po ang pag-kain ninyo. Kumain na kayo. Kape lamang ang ini-nom ninyo kamina.

Fely—Oo, ilagay mo rian at mamahinga lamang ako su-mandili. Ako ay naiinitan.

Ben—Sumubo na po kayo—at ka-yo'y aking papaspasan ng aking sambalilo.

Fely—O sige, tayo na Ben; mag-salo na kita.

Ben—Hindi na Inay. Kumain na ako sa bayah.

(Musika)

ra Paroko, na ang sabi sa akin ay... Binabalak daw nilang ikaw ay papag-ara-lin sa Maynila sa pamagitan ng pag-aambagan ng mga tagarito sa atin...

Ben—Maganda nga po sana ang kanilang balak, subali't ang inaalaala ko ay kayo.

Fely—Huwag mo akong alala-han. Ang makita lamang kitang makatapos ay mali-gaya na ako. Ano nga ba gusto mo?

Ben—Kung maaari po sana ay maging doktor... upang kung kayo ay magkaroon ng karamdaman Inang ay malapatan ko agad ng luna-s.

Fely—Iyon din ang gusto ko. Hamo't pagpunta nila rito ay sasabihin ko sa kanila na ibig mong maging doktor.

Ben—Inang... maiwan ko muna kayo. Ako ay pupunta la-mang sa Ka Badong at aking hihiramin ang kani-lang amerikana at pantalon na aking gagamitin sa pagtatapos namin...

Fely—Oo, anak. Sabihin mong lahaban kong mabuti pag-katapos nang pasahan nin-yo.

(Musika)

Ben—(Nagsasalaysay Dumating ang araw ng aming pagtatapos. Ang Ina ko ay hin-di nakadalo — sapagka't siya ay inaapoy ng lag-nat...)

Fely—Ben... alas sinko na, ba-ka ka mahuli sa pagkuha mo ng diploma. Sabi mo ay alas sais ang umpisa... e... maglalakad ka pa.

Ben—Inang... ang lahat ng mga magulang ng kaeskuwela ko ay naroroon... ako la-mang ang wala.

Fely—Hayan mo na anak... talagang gustong-gusto kong makita ka. Subali't napa-pansin kong para akong nauupos na kandila. Ibalita mo na lamang sa akin, pagdating mo.

Ben—Magtatalumpati pa naman ako... di hindi ninyo ako maririnig.

Fely—Bakit ka magtatalumpati?

Ben—Mangyari po, e ako ang Balediktoryan...

Fely—Anong Balediktoryan?

Ben—Yanon pong pinakamataas ang nakuhang nota sa bu-ong taon.

Nagsasalaysay—Maraming taon ang matuling lumipas mula noon ang aking diploma. At si Ina naman ay napansin kong sa bawa't araw na magdaan ay parami nang parami ang kulu-bot ng kaniyang mukha. Isang araw, bago dumating ang aking pagtatapos sa "high school" — nasabi ko ito sa aking Ina.

Fely—Ben... Ako ay nagagalak — at nagpapasalamat sa Diyos, na bagama't tayo ay mahirap ay napatapos kita.

Ben—Inang sa oras na matanggap ko ang aking diploma — umasa kayo na hindi ko ipahihipo kanino man kung hindi sa inyo muna, sapagkat, nalalaman ko na iyon lamang ang tangi kong ma-igaganti sa lahat ng inyong mga paghihirap.

Fely—Anak, kung isip-isipin ko ngayon ang mahigit na labingdalawang taon sapul nang tayo ay iwanan ng iyong Ama — ay talagang hindi ko mapigil ang aking

luha.

Ben—Inang — huwag kang umiyak. Hindi na magtatagal buhat ngayon, pagkatanggap ko ng aking katibayan, ay mamamasukan na ako. Ikaw Inang ay hindi na maglalabada at mananakate, dito ka na lamang sa bayah.

Fely—Salamat Ben. Iyan din ang bukang-bibig ng iyong Ama ng siya ay nabubuhay... na paglaki mo raw ay magiging maligaya na kami.

Ben—Ang kaniyang pangarap Inang ay hindi mauunsiyami, sapagka't ang hindi ko naipaglingkod sa kaniya ay iuukol kong lahat sa inyo.

Fely—Harinawa'y pagpalain ka ng Diyos. Nguni't, ano ba Ben ang binabalak mong karera kung sakali?

Ben—Wala na po akong balak na mag-arat. Ang nais ko na lamang ay ang paglingku-ran ko kayo.

Fely—Kaya ko maitanong sa iyo, ay napasyal dito ang prin-sipal mo at ang ating Ku-

TAGUMPAY SA KAHIRAPAN

Fely—Sayang... hayaan mo at iisipin ko na lamang na ako ay naroroon at ikaw anak ay nasa-harap ko na nagtatalumpati.

Ben—Kung gayon, Inang e... aalis na ako. At pagkatanggap ko ng aking diploma ay uuwi ako agad upang mahipo ninyo at makita.

Fely—Oo, anak... mahipo ko man lamang iyong katibayan mong pinaghirapan ko.

Ben—Diyan muna kayo, Inang... Babalik ako agad.

Fely—Suma-iyo ang Diyos...

(Musika)

Ben—(nagsasalaysay) Natapos ang aming gradwasyon. Marami sa mga magulang ng aking mga kaeskuwela ang nag-aanyaya sa akin sa kanilang mga salu-salo sa bayan. Subali't aking tinanggihan lahat. Nalalaman kong si Ina ay naghintay... kaya't noon din ay umuwi ako. Nguni't nang ako ay dumating ay maraming tao sa amin. Pati si Padre Teodoro ay naroroon.

Isang kapit-bahay — Huwag ka munang pumasok Ben. Kasalukuyan siyang nangungumpisal. Nariyan si Padre Pajarillo.

Padre—Fely, ipikit mo ang iyong mga mata at isipin mo pa ang lahat ng iyong nangawang...

Fely—Wala na po... maliban sa aking sinabi. Wala pa po ba ang aking anak?

Padre—Kaawaan ka ng Diyos! Angelina, Goying, naririyan na ba si Ben.

Angelina—Ben... tinatawag ka sa loob.

Ben—Inang... Inang, narito... narito Inang ang katibayan ko. Ang iyong pinaghirapan. Heto po Inang...

heto...

Fely—Ben... saan ka naroroon. Hindi na ako makakita. Malabo na anak ang aking paninig.

Ben—Naririto po ako sa tabi ninyo.

Fely—Ay salamat. Hayaan mo na ito rito at hahagud-hagurin ko na lamang itong katibayan mo... hanggang ako'y may hininga pa.

Ben—Inang, huwag kayong mag-salita ng ganiyan. Huwag ninyo akong iwan.

Fely—Ben, anak ko, ikaw sana ay magpapakabait. Maging tapat ka sa kaninu man. Alalahanin mong lagi na ang karangalan ay hindi mapapantayan ng salapi. Magpakarangal ka anak. Ako ay umaasang ikaw ay magtagumpay.

Ben—Inang... Inang... Huwag mo akong iwan. Diyos ko! Huwag Mo pong ipahintulot... Kinuha na Ninyo ang aking Ama... Diyata't kukunin pa rin Ninyo si Ina.

Fely—Anak... Mag... pa... kara... ngal... ka... Ben... Pa... al... am... Paal... am!

Ben—Inang... Ito po ba ang sabi ninyo na kayo ay saksi sa aking pagtatapos. Sino pa po ang aking handugan ng aking mga tagumpay... Sino pa ang aking hihihingahan ng aking mga sukal ng loob... Inang... Inang.

Padre—Ben... huminahon ka... Tayong lahat ay mamamata... Una-una lamang... Mabuti ang iyong Ina at tahimik na.

Ben—Diyos ko! Pagpalain Mo po ang kaluluwa ni Ina.

(Musika)

Ben—(nagsasalaysay) Tinupad ni Padre Pajarillo ang kaniyang naipangako... at ako naga ay imiluwas ng Maynila... Ang aking ipinagmatikula sa U.P. ay galing sa kuntribusyon ng aking mga kanayon. Samantala ay naglingkod ako sa isang malaking opisina upang makasapat sa ibang gugu-

lin at pangangailangan ko. Isang araw, maagang-maaga pa, ako ay pumasok. Ang kaha de yero ng aming opisina ay bukas at wala ni isang tao.

Ben—Naku... napagnakawan yata ang opisina namin! Subali't bakit naman naririto ang mga salapi? Nalimutan kaya ito ng kahero naming ipinid? Noong oras na iyon ay pinasukan na ako ng masamang loobin. Ang tinig ni Satanay ay naririnig kong ako ay inuudyukan.

Santanas—Benjamin, pagkakataon mo na iyan! Kunin mo nang lahat ang laman niyan at ikaw ay tumakas. Huwag mong sayangin ang pagkakataon! Sige, kunin mo na... Sige... ano pa, ha... ha... ha...

Ben—(nagsasalaysay) Subali't ang tinig ni Inang ay biglang naulinigan kong tinatawag ako.

Fely—Anak... Magpakarangal ka! Hindi mapapantayan ng salapi ang iyong karangalan. Magpakarangal ka anak.

Ben—Hindi... hindi ko ito pangangahasan! Hindi ko dungisan ang pangalan ko at pangalan mo Inang! Tataturan ko ito hanggang dumating ang aming manager.

Manadyer—(abalang-abala) Naku! Baka kaya mayroon ng nauna sa akin... Ah!... Ben.

Ben—Manadyer, naiwan po ninyo ang inyong kaha de yero na bukas.

Manadyer—Huwag kung aalis muna... Ay salamat... at walang nawawala!

Ben—Kanina pa po ako rito at iyan nga ay aking binantay.

Manadyer—Benjamin, irerekomen da kita na itaas sa iyong dating trabaho bilang gantimpala sa iyong kabutihan.

Ben—Salamat po...

(Musika)

Ben—(nagsasalaysay) Marami pa pong mga ganitong pang-

yayari na dumarating sa akin, subali't ang tinig ni Ina ay palagi nang nagpapayo sa akin ng dapat kong gawin... hanggang ako nga po ay makatapos sa pagkadoktor sa U.P. At nang bago ako umiksamen sa pamahalaan ay dinanas ko ito...

Angelina—Ben... halika, may sawayan sa Manila Hotel... Magbibis ka na! Heto ang tiket! Maggugudtaim tayo.

Ben—Hindi ako makasasama. Ilang araw na lamang at eksamen na ako. Mahirap na, baka ako malakpak.

Angelina—Puro ka eksamin! Ikapitong beses na itong pag-aanyaya namin, hindi ka pa sumama kahit minsan!

Ben—O, bueno, sandali lang ha?

Fely—Anak... nais kong ikaw ay maging doktor.

Ben—Naku! Hindi nga pala ako makasasama! Darating ngayon si Padre Teodoro. Alam mo, iyan ang nagpapaaral sa akin. Kahiya-hiya kung hindi niya ako abutan. Sa ibang araw na, ha?

(Musika)

Ben—Iyan po Tatang ang mga karanasan ko. Bagama't hindi ko sinasabi noong una... ay ngayon ko sasabihin sa inyo... ma ang lahat ng hindi ko nagawa sa aking Ina at Ama ay sa inyo ni Padre Teodoro ko igaganti.

Mang Juan—Ben... buhat ngayon ay hindi na kita tatawagin ng iyong pangalan. Magiging karangalan ko na ikaw ay tawaging anak...

Ben—Tatang... ikaw po ang pangalawang Diyos ko sa mundong ito.

Mang Juan—Bueno... bukas na bukas ay magpapasalamat tayo. Diyan ka muna at ako'y mayroon lang gagawin.

Fely—Benjamin... Anak ko! Binabati kita sa iyong pagiging Doktor.

Ben—Inang... Lumigaya ka nawa sa iyong kinaroroonian.

(Musika)

—WAKAS—

MARTHA GRETA MARTINEZ: ISANG AMBAG SA PANITIKAN

ni

Lucia Valentin Eusebio

Muling inulit ni Bb. MGM (Sa Landas Patungong Bataan) ang kanyang kakayahang pagsulat ng maikling kuwento. Ipinakilala niya sa mga katurggali, sa pamamagitan ng pagbibigay-buhay sa mga tauhang gumanap ng papel, kung paano maiilalarawan ang karan-

on ng Pilipinas.

Taglay rin ng kuwentong ito ang dakilang aral sa Sangkatauhang: Pinagiging Bayani ng mga nakapanlulom at nakahihindik na tanawin sa sariling lupa, ang lalong duwag na damamin, kung rapapaharap ito sa isang tagpong naghuhumiay at humihingi ng katarungan.

* * *

Hindi katakatakang manalaytay sa dugo ni MGM ang kagitingan ng manunulat sapagka't taglay niya sa puso at damamin ang dugo ng isang JOVITA MARTINEZ na hindi mimirsang inalayan ng mababangong bulaklak ng papuri ng kapwa manunulat.

Kung ang maikling kuwentong may pamagat na "MGA TITIG" ni JM ay natunghayan niya, sa kuwentong iyan ay maaari ni-

yang mapagsino ang kanyang kapita-pitagang ale.

* * *

Maaari at may katwirang muling gantimpalaan ng Patnugutan ang "Sa Landas Patungong Bataan" na hindi makukuhang paghinanakutan ng mga raka-tuggali, sapagka't sila man ang sumuri at mag-ukol nang masusing pag-aaral sa kuwentong na-banggit ay tiyak nilang malilit na ikapit sa sarili ang pariralang "walang pangit na kanya, at walang magandang sa iba."

* * *

Ang kuru-kuro sa itaas ay hindi hatol ng isang hurado, manapaya'y maituturing na isang pag-uukol ng bulaklak ng papuri sa may akda. Sa ibang may katha sa bilang na iyon na hindi ko na-banggit sa lathalang ito ay hindili pagwawalang-kabuluhan ang

nag-udyok sa sumulat. Kung bagama'y isang paggising ito sa kanilang damdamin upang unti-unting limutin ang talamak nang pamamaraan sa pagsulat ng maikling kuwento.

Namukod sa paninig ng sumulat ang SLPB sapagka't katulad ng nagwaging kuwentong "USOK" ni MGM, ang SLPB ay humabol at muling kumita ng magandang pagtatangi sa akin, at sa mga kadamdamin.

* * *

Minamapalad ko ang Patnugutan sa pagkakatanggap nila ng kuwentong ito sapagka't hindi kahina-hinayang na malaglagan o mabawasan ang kabang-yaman kung ang pag-uukulang katha ay katulad ng USOK at (kung sakali) SA LANDAS PATUNGONG BATAAN.*

Lucia V. Eusebio



ANG MGA KALABAW NG MAGSASAKA

Hango Sa Philippine Adult Education Series -

Ang kalabaw at ang bukid ay dalawang mahalagang bagay na siyang pinagsasaligan ng ating mga magsasaka sa ikasasagana ng kanilang mga pananim. Dahil sa kaliitan ng mga bukirin at putikang lupa na kailangan sa pagtatanim ng palay ang kalabaw ay siya lamang narárapat gamitin. Ang kalabaw ay isang hayop na malakas, matiyaga sa hirap, at maaaring gamitin sa iba't ibang gawain. Ito'y nakukunan pa ng gatas na may masaganang taba. Ang kesong yari sa gatas na ito ay mahusay. Tangi sa mga ito ang karne ng kalabaw ay nagiging karaniwang kanin ngayon sa dahilang maraming kalabaw ang pinapatay.

Tayo'y sagana sa mga kalabaw kaya madaling makatatacgo ng hayop na may mabubuting uri. Gayon ma'y marami rin tayong kalabaw na may mababanguri at walang laks sa gawain. Marami ang hindi nakatalos, bagama't ito'y isang katotoha-

nan, na ang pagpapasibol ng mabubuting kalabaw ay nasasalig sa mga mabubuting katangian tina-taglay ng mga magulang na dapat ding taglayin ng kanilang mga anak. Una-una'y ang hayop ay dapat maging malaki. Ang isang kalabaw na maliit at kulang na maliit at kulang sa sukat ay walang gaanong lakas upang makagawa ng mabibigat na gawain sa bukid. Kailangang isaalang-alang ang kanilang taas at bigat. Hindi sapat sa isang hayop ang maging mataas lamang, dapat ding maging mabigat. Ang mataas na kalabaw ay maluwang ang hakbang at dahil dito'y madaling makakahayon na malalayong pook sa paghila ng kariton. Ang isang mabubuting kalabaw na nagtagtaglay ng taas na 125 sentimetro buhat sa lupa hangang sa ibabaw ng balikat at may bigat na 520 kilo ay ipinalalagay na mahusay. Ang katawan ay kailangang maging makapal na nag-aangkin ng mga tadyang kalabaw na lalon kasiya-siya ay

na may magandang hubog. Ang kalabaw na kasiya-siya ay ang may tuwid na gulugod. Ang hulihang bahagi ng katawan ay dapat maging mahaba, maluwang at halos patag hangga't maaari. Ang kalamnan sa pagitan ng katawan at pigil ay kailangang maikli, ngunit makapal. May malaking kabutihan kung ang isang kalabaw ay malaman ang buong katawan. Ang mga paa'y kailangang malalaki, hilig at magkalapit ng bahagya ang kuko. Ang mga kukong ito'y dapat sanang papalabas ng kaundi, ngunit ang labis na papalabas ay isang kaptisan. Ang isa pang kapintasan ay kung sakaling ang mga sakil ay lubhang magkalapit. Ang isang kalabaw na ilalaang panggawa ay kinakailangang isingkaw sa araro upang masubok ang kakayahang niya sa gayong gawaing. Ang pagsubok na ito'y kinakailangang maging matagal upang makilala ang masamang ugali nito at gayon din upang kung pakastahan sa kalabaw na matunayan ang kaniyang kasi-buhat sa Indiya na lalong kil-



pagan at tagal sa hirap. Ang isang masipag na kalabaw at kasiya-siyang gamitan kahi't na makupad. Ang isang hayop ay maaaring maging masipag, gayon ma'y hindi magiging kasiya-sima't ito'y walang tagal sa hirap. Ang tubo at hugis ng sungay ay isa rin sa mga mahalagang bagay na dapat pag-ukulan ng pansiin. Ang mga sungay na katabagan ang laki at kaighahan ang hubog na paloob ay mabuti. Ang mga kalabaw na may maputing balahibo ay hindi dapat gawin panggawa sapagka't ang mga hayop na ganito ay maramdamin sa init ng araw.

Ang mga kalabaw na babai ugali nito at gayon din upang kung pakastahan sa kalabaw na matunayan ang kaniyang kasi-buhat sa Indiya na lalong kil-

ANG MGA KALABAW NG MAGSASAKA

la sa tawag na "Indian Buffalo" nak at sa ganito'y nagpapatuloy ng panganganak. Upang mapadalas ang kanyang pag-aanak ay dapat pababahan kaagad ang isang inahin karaka-rakang ito'y kapansinan ng paglanlandi. Maari ding maragdagan ang bilang mga bulong iaanak kung ito'y pakakastahan agad pagdating ng 3 taon gulang.

Ang pangkastang kalabaw ay hindi lamang kailangang maging masipag at may matipunong pangangatawan, kundi ito'y dapat ding kamalasan ng kakayahang sa pangangasta at sa pagkakaroon ng mabuting supling. Kapag ang dalawang bayag ng kalabaw ay kapuwa malalaki, ito'y nagpapakilala ng kabutihang mangusta; samantala namang ang may malaman at matipunong ayos ng mukha, leeg at balikat at ang may mabalasik na ugali ay nagpapakilala na ang mga katanian nito ay madaling mapasalin sa kanyang mga isusupling. Ang kabutihan naman ng mga babaing kalabaw ay mapagkikilala sa kakaihan ng kanyang mga suso at masinop na pagtibakang at digi ay kailangang malapad, mahaba at malaman, sa long sa kadalian ng panganganak. Ang babaing kalabaw ay dapat ding maging palaanak. Ang isang mabuting tanda upang makilalang ang isang kalabaw ay sadyang palaanakin ay pagkakaroon ng bulo sa kanyang piling at kung siya'y mayroon ng sunud-sunod na anak, na ang isa'y kanti ang higit na kakaihan sa isa. Kung sakali namang ang isang inahin ay may bulong sumususo na may ilang buwan lamang gulang at kakitaan ng matutay na ang inahin ay may sapat at dalisay na gatas.

Ito'y isang katotohanang ang mga kalabaw na babai ay mada lang magparami ng bulo. Ang itinatagal ng pagbubuntis ay umaabot sa 320 araw. Ang pagitan sa bawa't panganganak ay 13 buwan naman. Karaniwan na sa mga kalabaw ang manganak ng sunod sa loob ng dalawang taon, titigil ng isang taon, at sa ka muli na namang manganga-

isa sa mga hulihang paa ay talian din at batakin sa patungong huli at iduldol ang bibig ng guya sa suso upang sumisipsip. Kung ito ay gagawing malimit ay mahihirati na ang inahin sa ganyan at matutuluyan nang pasuhin ang bulo kahit na hindi tulungan ng tao. Ang mga inahing walang paglingap sa kani lang mga supling ay kinakailangang lipulin upang ang kani lang mga kasamaan ay huwag nang manahin. Samantalang ang isang inahin ay may malilit na bulo ay maaaring pawalan sa isang pastulang may sariwang mga damo. Ang pastulang may mga lubluban ay dapat pangilagan, sapagka't ang mga lublubang (parasites) na ipinagkakasakit at ikinamamatay ng malilit na bulo. Ang mahahabang balahibo ng mga bulo ay isang mabuting tanguan ng mga lisa at kuto na maaaring malipol kung papahiran ang katawan ng magkatimbang na dami ng pinaghahalong gas at langis ng niyog. Kung sakali namang ang lahat halos ng mga bulo ay malisa at makato ang mga ito ay dapat anitan at sunugin ang mga balahibo. Ang mga bulo ay maaaring pasam hin sa kanilang inahin hanggang sa sila'y sumapit sa gulang na anim na buwan o higit pa. Sa panahon ng pag-aawat ang mga bulo ay maaawat na unti-until matutulutang makasuso ng makalawa maghapon sa loob ng unang linggo. Pagkaraan nito'y minsan na lamang maghapon hanggang sa urungan ng gatas ang inahin at mabihasa ang mga bulo sa pagkawalay sa kanilang mga ina.

Matapos maputol ang pusod ng bulo ay dapat sulasuhin ng tintura de yodo. Kapag ang bulong magong panganganak ay maaari nang makatindig ay kailangang pasusuhin at nang makuha ang unang gatas ng ina upang ang dumiling nabinbin sa loob ng bituka samantalang yao'y nasa-loob pa ng tiyan ng inahin ay mapalabas na lahat. May mga pagkataong ang mga kalabaw na bagon nanganganak ay ayaw magpasuso sa kanyang supling. Kung ganito ay itali ang inahin at ang

isa sa mga hulihang paa ay talian din at batakin sa patungong huli at iduldol ang bibig ng guya sa suso upang sumisipsip. Kung ito ay gagawing malimit ay mahihirati na ang inahin sa ganyan at matutuluyan nang pasuhin ang bulo kahit na hindi tulungan ng tao. Ang mga inahing walang paglingap sa kani lang mga supling ay kinakailangang lipulin upang ang kani lang mga kasamaan ay huwag nang manahin. Samantalang ang isang inahin ay may malilit na bulo ay maaaring pawalan sa isang pastulang may sariwang mga damo. Ang pastulang may mga lubluban ay dapat pangilagan, sapagka't ang mga lublubang (parasites) na ipinagkakasakit at ikinamamatay ng malilit na bulo. Ang mahahabang balahibo ng mga bulo ay isang mabuting tanguan ng mga lisa at kuto na maaaring malipol kung papahiran ang katawan ng magkatimbang na dami ng pinaghahalong gas at langis ng niyog. Kung sakali namang ang lahat halos ng mga bulo ay malisa at makato ang mga ito ay dapat anitan at sunugin ang mga balahibo. Ang mga bulo ay maaaring pasam hin sa kanilang inahin hanggang sa sila'y sumapit sa gulang na anim na buwan o higit pa. Sa panahon ng pag-aawat ang mga bulo ay maaawat na unti-until matutulutang makasuso ng makalawa maghapon sa loob ng unang linggo. Pagkaraan nito'y minsan na lamang maghapon hanggang sa urungan ng gatas ang inahin at mabihasa ang mga bulo sa pagkawalay sa kanilang mga ina.

Ang mga inawat na bulo ay maaaring ilagay na sama-sama sa isang pastulan hanggang sa gulang na dalawang taon. Sa gulang na ito'y dapat ng ihiw lay ang mga lalaking kalabaw sa mga babaing kalabaw upang mailagan ang pagkastahan. Ang mga babai ay kinakailangang hayaang sumapit sa tatlong taong gulang bago pababa han sa torong pangkasta. Ang mga kalabaw na lalaking ankop sa panggawa ay dapat ng kapunin sa panahong ito at gayon din ang mga babaing hindi gagawing pag sibulan.

Ang pagkapon ng kalabaw ay ginagawa dahil sa tatlong kada-

hilanan: (1) upang malipol ang pagdami ng mga mababang uri (2) upang mapaaomo at ng hindi mapanganib gamitin; at (3) mapataba agad ang mga ito at maihanda sa ano mang gawain o kaya'y dalhin sa patayan. Ang pagkakapon ay dapat lamang isagawa ng mga taong may kasanay na sa bagay na ito.

Ang mga kalabaw ay dapat sanyin sa paggawa hangga't bata, sapagka't madali pang supilin. Gayon din sapagka't malilit at mahihina pa ay madaling masupil ng taga-pagturo ang ano mang katigasan ng ulo. Ang karaniwang ugali na isingkaw sa paragos ang isang batang kalabaw kng ito ay may sapat ng laki ay isang mabuting bagay. Ang ganitong mga kalabaw ay dapat maging mga dalawang taon ang gulang. Minsan sila ay matutong sumunod sa mga utos ng paginoon silay madali ng turuan ng iba't ibang gawain. Nguni't dahil sa kanuraan pa ng hayop na ito ay hindi dapat bbiigyan ng mabibigat an gawain upang huwag umudlot ang kanilang paglaki. Kung ang isang kalabaw ay sasanayin sa paggawa ng mabigat ang pagsasanay ay kailangang pasimulan sa gulang na tatlong taon. Ang isang kalabaw maaaring sanayin sa paghila ng araro o kaya'y kariton. At kung ito'y sanay na sa ganyang mga gawain ay maituturing na ang hayop na iya'y panggawa na. Ang isang bihasa at sanay na kalabaw sa paggawa ay malaki ang higit ng halaga kay sa nong ito'y hindi pa natuturuan.

Ang mga palahiang kalabaw ay maaaring pawalan sa pastulan o dili kaya'y isuga sa isang minangon na may katamtamang laki. Ang damo sa pastulan o sa minangon ay kailangang nasa katamtamang gulang — hindi mura at hindi naman napakagulang — sapagka't kung tutoong napakamura ay nakapupurga sa hayop samantalang kung napakatanda na naman na halos nangatutuyo na ay walang lasa at salat sa katas na pampalusog. Ang damong Napier ang siyang angkop na ipakain sa mga kalabaw kung na sa silungan. Ito'y napakalinamnam matibay sa init at damong madaling patubuin sa (Nasa pahina 24 ang karugtong)

AYON SA BANAL NA KASULATAN

Ika 18 linggo ng Pentekostes.

EPISTOLA AYON SA SULAT SA MGA TAGA EFESO 4,23-28:

Mga kapatid: Magpanibago kayo sa inyong pagiisip, at ipa-kita ang bagong-buhay na inyong tinanggap sa kamay ng Dios, na nilalang ayon sa kabanaian, sa kalinisan, sa katotohanan. Kayat itak-wil ninyo ang kasinungalingan at "magsalita ang bawat isa sa inyo sa kanyang kapuwa ayon sa katotohanan," sapagkat tayo'y mga sangkap na magkakasama. "Magalit kayo, nguni't huag magkasala", huag lumubog ang araw sa inyong kagalitan, at huag ninyong bigyan ng dahilan ang demonyo. Ang nagnanakaw ay huag nang magna-kaw, bagkus gamitin ang sariling kamay sa mabuting gawa, upang may maitulong sa nangangailangan.

ANG KARANGALAN NG PARI.

1. Dalawa ang pinanggagalingan ng malaking tulong na naibigay ng Pari; ang una'y dahil na siya ang ministro ni Jesus dito sa lupa: isinasagawa niya ang pagtulong sa mga tao na itinaguyod ni Jesus habang siya'y nanirahan sa piling natin. Ang ikalawa'y ang masinop na pamumuhay ng mga Pari. Ang pinapayagan sa mga segral ay hindi pinapayagan sa mga Pari. At itong kusang pagtanggi sa mga bagay na nakalulugod sa atin at di naman kasanalan, nguni't naka-aabala sa ating pagtulong sa iba, ay siyang nakahihikayat sa marami upang sumunod sa payo ng Pari. Alam nila na di hinahanap ng Pari ang sarili niyang kaginhawahan.

2. Sa buong historia ng Santa Iglesia, itong dalawang bagay na ito ang nagbigay dangal sa mga Pari. Hindi ang kanilang kawayanan, hindi ang pagka-maharlika ng kanilang linaje. Ni hindi man ang kanilang karunungan. Si San Juan de Vianney ay isang mahirap. Halos hindi siya nakapasa sa mga examen sa Seminario; nguni't dahil na siya'y tunay na pari, tunay na ministro ni Jesus, at masinop siyang nabubuhay na gaya ng nararapat sa isang pari, ay lubhang malaki ang kaniyang naitulong sa mga taong bayan, at ngayon siya'y pinupuri at iginagalang ng lahat ng mga katoliko sa buong mundo.

3. Ang malaking nakatutulong sa mga Pari sa napili nilang buhay ay ang pag-aalay ng Santa Misa araw-araw. Ang ating Panginoon sa pamamagitan ng mahal na komunion ay siyang nagpatibay ng loob sa kanyang mga Pari upang makaya nila at maita-guyod ang kanilang tungkulin. Sa Concilio Vaticano, ayon sa kabisihang Obispo Ullathorne, ang nagbibigay-lakas sa maraming napupulong na mga Obispo upang araw-araw sa loob ng maraming buwan ay kanilang makaya ang pakikinig sa mga ultil-ultil na discurso sa Concilio, ay ito: Na bawat umaga, ang lahat ng mga Obispo ay nagaalay ng Santa Misa. At alam na natin ang malaking pagkakatulong sa Santa Iglesia ng Concilio Vaticano.

4. Isang binatang abogado ay nagsalita ng ganito sa kaibigan niyang Pari: "Padre, magtatapat ako sa inyo. Hindi ko inaakala na ang sino man ay maaaring mabuhay na malinis na walang asawa". Sumagot ang Pari: "Maaari mong subukin". "Paano?" "Malimit kang mangumpisal at magmisa ka araw-araw; araw-araw mong tanggapin ang mahal na Katawan at Dugo ng ating Panginoon". Sisnubok ito ng abogado: malimit siyang nangumpisal at nakinabang araw-araw; at matapos ang anim na buwan ay inamin niyang maaari. Di lamang ito: nag-alar siyang maging pari, at ngayon ay isa siyang mahusay na pari at predicator ng malimit na confession at komunion upang matamo ang kalinisan.

Ika 19 na linggo ng Pentekostes.

EPISTOLA AYON SA 1 KOR. 1, 4-8:

Lagi akong nagpapasalamat sa aking Dios tungkol sa inyo, mga kapatid, dahil sa biyaya ng Dios na ipinakaloob sa inyo alang-alang kay Kristo Jesus: na kayo'y inilakip sa Kaniya at pinayaman sa lahat ng bagay: sa pananalita at karunungan; kayat matatag ang inyong pananalig kay Kristo, anopat kayo'y hindi nagkukulang ng anomang biyaya, samantalang kayo'y naghihintay sa maluhati pag-dating ng ating Panginoong Jesu-Kristo: siya ang magbibigay sa inyo ng lakas hanggang sa katapusan, upang manatili kayong walang kalsalan sa kaarawan ng ating Panginoong Jesukristo.

ANG SANTO ROSARYO.

1. Ayon sa tradision ng mga Padreng Dominiko ang Santo Rosaryo ay nagpasimula kay Santo Domingo, at itong debosiong ito ang kaniyang ginamit laban sa mga herejeng Albihenses. Ito ang nababasa natin sa Santo Breviario at maraming mga Papa ay sumasang-ayon sa tradisiong ito.

2. Ano man ang sabihin ng iba tungkol sa tradisiong ito, ay dinatin maipagkakaila na mayroon na ngayong limang daang taon na ang Santo Rosaryo ay siyang pinakamalaking debosion ng mga Padreng Dominiko, at ito ang kanilang itinuturo sa mga katoliko sa buong mundo. Sa mabuting gawang ito ay tinulungan sila ng mga ibang relihioso. Alam natin ang sinabi ni P. Murillo Velarde, S.J. noong siya'y parroko sa Antipolo, na kaugalian noon na dasalin ng bawat familya ang Santo Rosaryo pagtugtug ng Orasyon.

3. Ano ang Santo Rosaryo? Ang Santo Rosaryo ay ang pagdadasal ng 15 Ama namin, 15 Gloria Patri, at 15 Aba Ginoong Maria, na hinahati sa 15 misteryo ng Buhay ng ating Panginoong Jesukristo. Karaniwan ngayong ginagawa na ang labing limang misteryo ay hinahati sa tatlo: limang misteryo ng tuwa, limang misteryo ng hapis, at limang misteryo ng lualhati. Sa pamamagitan ng mga misteryong ito ay habang dinadasal natin ang Santo Rosaryo ay pinagninilayin din natin ang buhay, sakit at kaluhalhan ng ating Panginoon at ng mahal niyang Ina.

4. Ano pa't ang Santo Rosaryo ay isang debosiong akma sa lahat. Sino ang di makapagdadasal ng magagandang panalangin: ang "Ama namin" na turo sa atin ng ating Panginoon; at ang "Aba Ginoong Maria" na nagmula sa bibig ng Arkanghel S. Gabriel, ipinagpatuloy ni Santa Isabel at tinapos ng Santa Iglesia? At ang Gloria Patri na siya nating paggalang sa Dios Ama at sa Dios Anak at sa Dios Espiritu Santo. At ang pagninihay ng mga misteryo ay upang huag mapalayo ang ating pag-iisip sa ating dinadasal.

5. Ang Santo Rosaryo ay mahal na mahal sa mga Santo Papa. Unang itinatag ni S. Pio V ang kapistahan ng Santo Rosaryo noong 1571 bilang pagpapasalamat sa tagumpay sa Lepanto laban sa mga Turko (Agosto 7). Ang malaking tagumpay na ito ay kinamtan di lamang ng mga sundalong katoliko na nakilaban sa mga Turko kundi lalong-lalo pa ng panalangin ng mga katoliko sa buong Europa. At nang makamtan ang tagumpay ay kasalukuyang idinaraos ang pagdalangin sa Mahal na Birhen ng mga Confraternidad ng Santo Rosaryo sa Roma.

At noong 1716 (Agosto 5) ay muling nagtagumpay ang mga sundalong katoliko laban sa mga Turko sa Ungria; kayat ang pista ng ito ay pinalaganap ng Santo Papa Clemente XI sa buong Santa Iglesia.

At tayo naman dito sa Filipinas ay ipinagdiriwang natin ang "La Naval de Manila", isang mahimalang pagtata>tagumpay laban sa mga herejeng holandes, sa awa at tulong ng Mahal na Birhen ng Santo Rosaryo.

At tungkol sa debosion ng ibang mga Santo Papa sa Santo Rosaryo ay sapat nang banggitin na sa mga huling taon ng dakilang Leon XIII ay taon-taong ipinaalaala niya sa buong mundo ang magiliw na pag-galang sa Mahal na Birhen sa buwan ng Octubre sa pamamagitan ng Santo Rosaryo.

ANG IKA-50 TAON NG MGA MADRES CANONESAS

**Sinulat ni Rev.
Pedro R. Vicedo**



Bahagi ng makasaysayang "PAGEANT" na ginanap sa maluwag na bulwagan ng Kolehiyo. Dito nalalarawan ang mga gawaing ginagampaanan ng mga Misioneras Madres Canonesas de San Agustin sa lahat ng panig ng daigdig, sa lalong kapurihan ng Diyos at kapakinabangan ng mga kaluluwa.

Ang Kolehiyo ng Santa Teresa na nasa-gitna ng Lunsod ng Maynila ay isa sa pinakamalaki, maganda at may makabagong kagamitan sa pagtuklas ng karunungan. Unti-unting nanunumbalik sa dati niyang ningning ang paaralang ito ng mga batang babae ay nasira sa pagkasunog ng mga hapon noong labanan sa Maynila. Ngayon ay halos nabubuo ng muli sa ilalim ng pangangasiwa ng mga madres Canonesas de San Agustin at patuloy na rin ang klase noon pang bago magkadigma ay pawang malalago na at sa katunayan ang paaralang ito ay nakapagpadala na sa lahat ng bayan ng bansang Pilipino ng mga babaing nagtapos sa kaniyang sinapupunan at ngayo'y

pawang mga uliran sa pamumuhay, sa ugali at kabanalan.

Noong unang Biyernes ng buwan ng Septiyembre ay ginunita ng paaralang ito ang ika-50 taong pagkakatatag ng mga Madres na siyang nangangasiwa sa Kolehiyong ito. Nagkaroon ng Misa Pontifikal na ginanap sa magandang Simbahan ng Milagros sa San Marcelino ng naging Obispo sa Guam Mons. Olano. Dumalo ang lahat ng nag-aaral at nakinabang silang lahat. Gayon din ang ilan sa mga naging alumna na ngayo'y puri't dangal ng Santa Teresa ay nasa hanay rin ng mga piling inanyayahan panauhin. Nangasiwa sa Misa Pontifikal ang mga pari sa San Marcelino. Sila ang naging katulong ng Obispo samantalang ang mga seremonyas ay pinangasiwaan ng mga seminarista sa San Carlos sa ilalim ng batuta ng bantog na maestro de ceremonias, si P. Manuel Gracia.

Pagkatapos ng Misa Pontifikal ay hinandugan ng mga madres at ex-alumnas ng isang agahan ang mga panauhin na kinabibilangan ng Pangalawang Pangulo Kgg. Elpidio Quirino, Donya Aurora Aragon ni Quezon, Superior ng mga Paring Belga, Visitador at Superior ng mga Paring Paul, ang mga Jesuitang Pari Martin Zillig at James P. Moran. Silang lahat ay pawang nangagsidalo rin sa Misa Pontifikal na kasama ng ilang may matataas na tungkulin sa pamahalaan na hindi na tumuloy sa Kolehiyo matapos ang Misa dahil sa kanilang mga tungkuling opisyal. Sa mga naging alumna na nangasiwa ay kabilang si Bdg. Patrocinio Paez, ang masipag at mabait na pangulo ng Curia Maria Coronata ng Legion de Maria sa Lunsod ng Rizal.

Sa ganap na ika 10:30 ng umaga ay idinaos ang PAGEANT sa magandang salon de actos sa ikatlong palapag ng Kolehiyo. Nagsisikip sa mga dumalo ang maluwag na butwagan at pawang nasiyahang lahat sa kahusayan ng mga gumanap ng mahahalagang papel na nauukol na lahat sa mga gawain simula pa ng itatag ang samahan ng mga Madres Canonesa de San Agustin. Nakatawag ng pansin ang mahusay na pagsasalita ng naging tagapagsalaysay na si Bb. Leticia Leido. Umani rin ng matutunog na palakpakan si Bb. Gealdina Peña sa kaniyang tugtuging pangisahan sa Biyolin at sinaliwan sa piyano ni Bb. Beatriz Pilapil. Umawit din si Bb. Gertrude Paez ng Rigolleto de Verdi. Patnubayan nawa ng Diyos ang Kolehiyo ng Santa Teresa. Pagpalain nawa ng Diyos ang mga Madreng nangangasiwa sa kaniya.



Mga panauhing dumalo sa Kolehiyo ng Santa Teresa ng ipagdiwang ang ika-50 taon ng mga Madres Canonesas de San Agustin.

SILAHIS NG KABUHAYANG PILIPINO



Sa bahay ni Áling Petra ay may isang kaibigang nakitulog. Pag-kaumaga nang dumating ang pag-aagahan, ay pinatingnan sa anak niyang maliit kung gising na at nang sila'y makaupo sa hapag. Sinihilip ng bata sa silid, at nakitang ang panauhin ay gising na at nagsisipilo ng ngipin.

Nang makita ng bata ay dali-daling lumabas sa ina at gahol na gahol sa pagsasabing:

—Naku, Nanay! maghanda kayo ng maraming ulam...

—Bakit?

Pinatatalas pong mabuti ng iyong panauhin ang ngipin eh . . . marahil nalalaman niyang maganit ang karneng piniritong handa ninyo.

—oO—

Isang nag-aáral ng Tagalog, banyaga pa naman, ang minsan ay nagtanong sa isang makata sa wika ni Balagtas:

—Ano ang talagang kahulugan ng salitang "kuwan"?

—Natagalan bago nakasagot ang tinanong, at sa wakas ang sabi'y ganito:

—Ah walang kahulugan iyan . . . isa lamang pagbanggit ng hindi makapagsabi kaagad ng ibig sabihin . . .

—Ay bakit, minsang sabihin ko sa aking utusan na bumili ng "kuwan", ay ibinili ako ng sigarilyo at natama naman sa ibig ko?

—Mangyari ay hindi makata ang inyong utusan.

—oO—

Sa loob ng isang restauran ay nagkakatuwa sa pagbabalitaan ang ilang Pilipino at ibang kawal na Kano. Ayon sa mga ito, gayon na raw lamang ang hangad ni Heneral MacArthur na makabalik dito sa Pilipinas na sa kanyang himpilan sa Australia ay naglagay ng malaking titik na "B. P."

—Ano ang kahulugan ng mga titik na iyon? — ang tanong ng isang Pilipino sa Amerikano.

—Ayon sa Heneral, ay "Back to Philippines" —sabi ng Kano.

Isang kaharap ang sumagot: "Dito sa Pilipinas ay iba ang kahulugan niyan."

—Ano ang ibig sabihin?

—B.P. ay nangangahulugang "Back Pay"

—oO—

Ang nasirang Pangulong Quezon daw, minsang naglalakad sa isang pagdalaw na ginawa sa lalawigan, ay dinapuan ng isang paktik sa likod ng amerikana niyang seda. Ang isa sa mga kasunod na SSB nang panahong iyon ay agad-agad lumapit at dinakip ang hayop, kasabay ng sabing: "Pangulo, masamang hayop itong nasa-likod ninyo . . .

—Iisa ba? sa isip ko'y marami kayo riyan, —ang pabiro raw sagot ng Pangulo.

—oO—

Isang may pangalang manggagamot ang minsan ay natawag sa bahay ng isang maysakit na matagal nang inuubo, nilalagnat at namamatlat.

—Ano ba ang hanapbhay ninyo? —ang tanong ng doktor.

—Musiko po ako, doktor —

—Kaya ka namamatlat, kaya ka inuubo ay dahil sa kaihiip marahil sa iyong isturmento.

—Hindi po naman hinihipan ang aking isturmento, doktor . . .
—Ano ba ang hawak mo?
—Pumpiyang po lamang . . .
Napanganga ang bantog na manggagamot, bago nakapagsabi ng:
—Ah, kaya ba nilalagnat!

—oO—

PANGALAN NG "JEEP"

Kasalukuyang modang moda ang paglagay ng pangalan sa mga "jeep" o "jeepney", kung minsan sa harap o sa likuran at kadala-san ay mayroon pang sawikain o kasabihang kasama kundi sa likuran ay sa tagiliran.

Sa palagay ko'y ang pinakamahusay sa lahat ng pinangangalang "jeep" niya ay nasusulat ang walang kamatayang pananalita ni Sienkiewicz: "Quo Vadis?" (Saang ka Tutungo?)

At habang si "Quo Vadis" ay matuling tumakbo at sa pagtak-bong ito ay nag-iiwan ng umuusok na alikabok paraang mababanaagan mo ang wala ring kamatayang pangungusap tuwing "Mierykoles ng Abo" — In pulverem reverteris — "Sa Lupa ka uuwi."

Alberto Pelayo
Polo, Bulacan

—oO—

MAIKLI NGUNIT TUMPAK

Isang makisig na mamamahayag ay nagbibirong nakiusap sa paring tulutang siyang makapanayam tungkol sa impiyerno. Winika niyang ilalathala niya sa isang magasing tagalog. Ang sagot ng matalinong pari na nasakyan agad ang pagbibiro ng mamamahayag ng: "Ang impiyerno, sa aking palagay ay yaong pook na dapat paglimbagan ng inyong magasin . . ."

Ruperto T. Magat
362 Sulucan, Samp.

—oO—

ANG LAHAT NG TAO AY . . .

Minsan sa klase ng Katesismo ay ikinuwento ko sa mga bata ang buhay ni Aananias at Sapira. Isang munting paslit ang nagtánong kung bakit hindi pinarurusahan ng Diyos lahat ng sinungaling gaya ng ginawa niya sa dalawang ikinuwento ko. Tinawag ko ang isang nagtaas ng kamay upang sagutin itong suliranin ito. Tumayo ito at ang wika: "Kung ganoon po ang gagawing ng Diyos ay walang matitirang tao dito."

M. Manapat
Meycauayan, Bulacan





Sari-Saring Balita

KONSAGRASYON SA IKA-24
NG OKTUBRE

Sa ika-24 ng Oktubre ay sasakihan ng maraming Katoliko ang Konsagrasyong gagawin dito sa Mons. Rufino Santos na idaraos sa Simbahan ng Santisimo Rosario. Ito ang kaunaunahan ng Konsagrasyon gagawin dito sa Maynila may kung ilan nang taon. Ang Arsobispo ng Sebu si Mons. Gabriel Reyes at ang Obispo ng Lingayen si Mons. Mariano Madriaga ang magkokonsagra sa bagong Obispo at ang magsesermon ay ang Obispo Pedro Santos. Ang seremonya ay hindi magiging makulay dahil sa kahirapan ng panahon.

MGA PINATAWAD

Labingdalawang preso ang binigyan ng laya ng Pangulong Roxas. Ang anim nito ay ginawaran ng lubos na kalayaan at ang iba ay kondisyonal lamang.

KILUSAN PARA SA ANTIPULO

Si Gng Aurora A. Quezon ay di nalalaong inihalal na pangulo ng pambansang kilusan para magtagtag ng simbahan ng Antipulo. Ipinaalam ng bagong pangulo na mayroon nang mga panukala para sa kampanyang gagawin. Ang komite ng kampanya ay bihubic ng mga sumusunod: Rdo. P. Francisco Avendaño, Direktor; Huwes Pastor Encarnación, pangulo; G. Eusebio Gutierrez, kalihim; Gng. Cenona Julian, pangalawang-kalihim; Rosario Ocampo, Juan Quintos at Justo Lopez, kasapi.

PAG-AARAL NG MGA TSUPER NG TAKSI

Ang Pambansang Kurus na Pula ng Pilipinas ay nag-aalay ng walang-bayad na pagtuturo ng Pang-unang Lunas sa mga tsuper ng taksi dito sa Maynila. Ang mga klase ay ginagawa sa "Yellow Taxicab Clubhouse" sa kalye Arlegui at nasa-tilalim ng pamahala ni Gg. M.E. Serrano tagapagturo mula sa Manila Red Cross Chapter.

ANG IYONG KABANALAN

Handog kay Bb Irinea Viceral
—Rosa Jazmin

Ang tinig mong sadyang tamis na pang-aliw sa may lumbay
Ang laging pinapangarap ng puso kong nagdaramdam,
Ang kilos mong sadyang hinching kasing-yumi ng amihan
Ang laging dinadambana ng kaluluwa ko sa pagdaraasal;
Nguni't ang lalong dakilang sa dangal mo'y nagpapakinang
Ay ang pagkamadasalin at ang iyong kabanalan.

ROSA JAZMIN

PISTA SA SAN LEONARDO, N. E.

Ipinagdiwang ang pista ng patron dine na si San Bartolome noong ika-24 ng Agosto. Ang nasabing pista ay masiglang ginanap sa pagsusumikap ng Kgg. na Kura Parroko Rdo. P. Vicente Navarro at pagpupunyagi ng pangulo ng "Apostolado de la Oracion" na si Gng. Rosa G. Gonzales at ng kaniyang masisipag na mga seladora at seladores.

Siyam na araw bago nagpista ay nagkaroon ng debosyon para kay San Bartolome na ginanap bawat umaga sa simbahan. Mayroon espusisyon ng Santisimo bawat matatapos ang debosyon.

Napakaraming tao ang nagkumpisal noong bispera ng hapon. Nagkaroon ng 5 misa pati ng misa mayor na dalmatika noong kapisahan. Daan-daang tao ang nakinig ng misa lalo na ng misa dalmatika at kantada. Ang nagkumunyon ay di mabilang ding tao. Si Rdo. P. Arcellana ang nagbigay ng kaakit-akit na sermon na tumagos sa kaibuturan ng puso ng mga nakapakinig.

Pagkatapos ng misa dalmatika ay nagkaroon ng napakahabang prusisyon. Ang nakaakit sa paninig ng bawat isa ay ang pangunguna sa prusisyon ng mga kasapi sa Hijas de Maria na pinanguluhan ni Bb Julita Adriosula. Nakasuot sila ng damit na puti at belong puti.

Marami ang nagpapaturay na marami nang taon ang lumipas, nguni't ngayon lang panahon ni Rdo. P. Navarro napakaraming tao ang dumalo sa pista ni San Bartolome.

—GUADALUPE PESTANO

TALYER sa PINTURA, ESCULTURA, PLATERIYA KARPINTERIYA AT MARMOLERIYA

Mga imahen, andas, mga altar, mga pulpito at iba pang masisining na gawain — Ebanelerya at Karpinteriya — Palamuti sa simbahan, Bordadong ginto, Lapida, Monumento, musoleyo, atb.

Ang Mga Enkargo Ay Hindi
Nahabala At Ginagawa Ng
Mahusay

NI—

MAXIMO VICENTE

R. Hidalgo 812

Maynila

ANG LUNSOD NG RIZAL AT SI P. GUTIERREZ

(Sinulat ni Pedrito)

Ang Lunsod ng Rizal, dating Pasay ay bagong kabibinyag pa lamang. Isa sa pinakabatang Lunsod ngayon sa Pulo ng Luzon. Kapapanganak pa lamang sa kaniya sa sinapupunan ng Batasang Bayan at noon lamang nakaraang buwan idinaos ang pagbibinyag sa kanya sa gitna ng maniningning na pagdiriwang na dinaluhan ng mga matataas na puno ng pamahalaan. Sinimulan ang nasabing pagdiriwang sa pamagitan ng isang Misa de Gracia na inihandog ng masipag na paroko ng bagong lunsod na si Padre Dr. Simeon Gutierrez. Ang mga pamunuan ng bagong lunsod ay nakinig ng Misa at buong tamintim na inihandog ang kanilang sarili sa Maykapal upang sa Kaniya manggaling ang lahat ng mabubuting panukala tungkol sa malinis at tapat na pamamahala na kanilang gagawin sa lalong ikadadakila at ikararangal, ikasusulong at ikauunlad ng Lunsod ng Rizal.

Ang bagong Lunsod ay isa sa pinakamaliit na sukat ng lupa ngunit makapal ang mamamayan

ANG MGA KALABAW . . .

(Karugtong ng nasa pahina 20)

mga katihan sa pamamagitan ng punong may ugat. Ang pagpapainom ng malinis na tubig ay napapanatili sa kalusugan ng mga hayop. Ang pagpapakain ng asin ay dapat gawin nguni't isang bagay na hangga ngayo'y hindi pa natatalos ng ating mga magsasaka. Ang pagbibigay sa kalabaw ng isang dakot na asin makalawa sanlinggo ay may malaking kapakinabangang naidulot sa kanilang kalusugan. Ang mga hayop na ito'y gustung-gustong maglublub sa tubig, kaya isang mabuting paraan kung maigagawa sila ng isang mabuting lubluban na dinadaluyan ng tubig sa ilog o sa sapa na maaaring paliguan ng mga kalabaw sa katanghalian

FILIPINAS

at malaki rin ang kinikita ng pamahalaan. Ang mga namumuno ay mga litaw na mamamayan at kilalaang mga politiko sa pook ng dating Pasay. Inaasahang ang Lunsod ng Rizal ay magiging tagumpay sa kaniyang pagbabawang kalagayan at magiging isang pook na tirahan ng mga payapa at maririwasang mama-mayan.

Sa harap ng pagpapanibagong buhay ng nasabing Lunsod ay isring kapalaran niya na sa kaniyang sinapupunan ay may isang lalaking sa larangan ng pamahalaang espiritual ay natatalaga. Pagkatapos na mapasinayaan ang bagong Lunsod ay hinandugan niya ng isang salu-salo ang mga bagong mamumuno sa kaniyang kumbento. Nagpalitan ng mga kuru-kuro at dito rin ipinakilala ng bawa't isa ang kanilang dapat na gawing pagdaramayan at pagtutulungan sa larangan ng pamahala tungod sa ikabubuti ng lahat.

Si P. Simeon Gutierrez ay may karanasan na sa mabuting pamahala sa dahilang naging paroko na siya sa Guimba, Nueva Ecija, sa Pulo, Bulakan at matagal na naging kalihim ng Arsobispado ng Maynila. Sa kaniyang paggiging Kalihim ay nagkaroon siya ng mahaba at maniningning na paglilingkod. Namahal siya sa kaniyang mga kapatid na pari at nang hiniling niyang mamahinga muna sa pagka Kalihim ay inilagay nga siya ng Kgg. na Arsobispo ng Maynila bilang paroko ng Pasay na ngayo'y Lunsod ng Rizal. Isang kapalarang maipagmamalaki ng Pasay ang pagkakaroon niya ng isang paroko na gaya ni P. Gutierrez. Katutubo sa kaniya ang kasipagan at kabanalan. Ang pahayagang ito ng FILIPINAS ay utang sa kaniyang masinop na pangangalaga. Buhat nang kaniyang itatag na mahigit na dalawampung taon na ngayon ay patuloy pa rin sa kaniyang paghahatid ng mga simulaing katoliko at aral ng Relihyon na siyang naging sanhi sa pagbubunsod sa kaniya sa larangan ng pamamahayag.

Noong ika-3 ng buwang ito o ng Septiyembre ay idinaos niya ang isang salu-salo sa kaniya ring kumbento dahil sa pagdiriwang ng kaniyang kaarawan. Dito niya nasaksihan kung gaano siya kamahal sa kaniyang mga nasasakupan ng sa Misang ginanap niya noong umagang yaon ay hindi magkasiya sa malaking

Simbahan ang nagsimba para sa kaniyang kapanganakan at di halos mabilang ang mga nakinabang na ipinatungkol sa kaniya sa gayong dakilang pagdiriwang. Ang mga samahang katoliko, at ang mga kaanib sa Lehiyon ni Marya na buong tiyaga niyang sinusubaybayan ang siyang na-nunga sa pagpapakilala sa madla ng pagkilala ng malaking utang na loob nila sa kanilang paroko sa araw ng kaniyang kapangangan.

Isang pinagyamang pananghalian ang kanyang inihandog sa kaniyang mga kapatid na pari na dumalo sa kanyang pagdiriwang at nagbuhat sa malalayong pook na kinatatalagahan maipakilala lamang ang kanilang pagmamahal at pakikihati sa kaligayahan sa dati nilang pinaglalagakan ng tiwala sa pamahalaang espiritual ng Arsobispado ng Maynila. Pagkatapos ng pananghalian ay nagkaroon ng maikling palatuntunan at naging tagapagpakilala ang bantog na paroko ng Quiapo, Monsenyor Vicente Fernandez. Kabilang sa kaniyang mga tina-wagan upang gumamit ng mga pangungusap sa iba't ibang wika ang mga batikang mananagalog na si P. Candido del Rosario, Mons. Ruperto T. Rosario; sa kastila ang dalawang mestizo ng Clero Manilano, si P. Dr. Augusto Ignacio, na siyang humalili sa pagka kalihim kay P. Gutierrez, at si P. Adolfo Gabriel na hinanggaan ng lahat. Nagsalita rin sa P. Pedro Makati.

Sa may apat na pu at limang Mahal na Patnugot: Paring dumalo ay kabilang si Mons. Fernandez, Mons. del Rosario, Mons. Gatipayad, P. Vicente Reyes, P. Lucio Garcia, P. Pastor Santiago, P. Carlos Bernardo, si Kapatid at si Beautiful Pantis. Ikinulungkot kong hindi malatagalang lahat ang kanilang pangalan dahil sa kakulangan ng pulwang. Matapos ang maikling palatuntunan ay hinandugan ng sa-riwang bulaklak ang may kaarawan at ginanap ito ng kilalang bantog na makata ng paring Pilipino na si P. Gerardo Maximo. Nasasa hanay na siya ng mga de Jesus, Collantes, Caravana at Flores. AD MULTOS ANNOS.

SULAT SA PATNUGOT . . . (Karugtong ng nasa pahina 1)

Ikaapat: Sa himig na mapanumbat na pangungusap ng gino, ay nagbintang siya ng isang "masakit na paratang", na diumano'y nagpalaganap ako ng pangalan sa dahon ng Filipinas. Kailangang ba-wiin ng matabil na panulat ni G. Sangoyo ang sinabi, sapagka't sinsay sa mabuting ugali at mali. Hindi ko tangka sa pagsulat ang "hungkag na pangarap" na mapalaganap ang aking pangalan. Nawawatasan kong iyan ay hangin lamang at talos kong "mayroon pang lalong matayog at dakilang pakay" na dapat hangarin ng isang manunulat na katoliko. At paano ko nga hahangarin ang "pangalan" lamang, (napaka-babang hangarin) bukod pa nga sa hindi pa naman ako "kandidato" sa timpalak patanyagan. Ang pagkakabit ng aking pangalan sa aking akda ay hinihingi ng katarungan, gino, sapagka't ang bunga ng aking isip ay akin karapatan. Iba na, kung ang pangalan ko'y ipinalathala kong tulad ng anunsyo ng kalakal. O kaya'y ang isang akda ni G. Sangoyo ay tinitikan ko ng aking pangalan. Kung idadahilan naman ay ang pagkakalathala ng aking "mga akda" nang sabay-sabay, inuulit kong "hindi ako ang naguutos maglathala noon" at yaon ay nasa karanatan ng Patnugot. Kung yaon ay tinatawag na pagpapalaganap, bawa't ilathala ng patnugot ay pagpapalaganap ng pangalan. Sakali man ay hindi ako, kundi ang Patnugutan ang may karapatan at kapangyarihan sa pagpapalaganap. At kung kaya yaon ay ginawa ng patnugutan, ay mayroon silang mabigat na kadahilan, na maaaring panagutan sa inyong kamahalan.

Ikalima: Sa wakas, naghinala si G. Sangoyo na baka ako'y mayroon pang akda na walang pangalan ko. At sumakyod pa ang "kritiko" nang walang sinasakyod, pagka't walang kanawa-nawang binanggit na si G. Benedicto Carreon dikono ay hinlog ko. Sabihin ko nang hinlog ko, ano ang ipinagpuputok ng butse ni G. Sangoyo? Ipinagbabawal kaya ang batas ng Diyos o ng Pamahalaan o ng mabuting ugali, na ang isang hinlog ng isang manunulat ay maglathala sa dahon ng Filipinas? Kung si G. Sangoyo kaya ay hinlog ni Dr. Galauran, wala kayang karapatan si ginoong Sangoyo, na sumulat at maglathala sa pahayagan ng bunga ng kanyang taliño?

Ang paliwanag na ito'y hindi isang puna at paghamon kay G. Sangoyo, kundi isang paliwanag tungkol sa hinahanap na tugon ng Gino. Iginagalang ko ang katauhan ni G. Sangoyo, nguni't ang "kanyang lisyang kuru-kuro na makalalason sa paniniwala ng mga kutad" ay aking itinutuwid at nililiwanag. Yayamang BUKAS NA LIHAM ang kanyang kuro, hiling ko sa patnugutan ay isapitak din wikang italiano ang paroko ng ng Bukas na Liham ang Paliwanag kong ito.

Maraming salamat,
Jose B. Aguinaldo.

14-C O'Farrel
Lunsod ng Rizal, Rizal
6 ng Septiyembre, 1947

Mahal na Patnugot:

Ipinaaabot ko sa pamamagitan ninyo ang taos pusong pasasalamat sa pagsasaalang-alang ninyo sa aking kahilingan. Gayundin kay G. J. B. Aguinaldo, sa pagiging matapat niyang katulong sa Pasulatan. Kung pinuwong ko man ang bagay na iyon ay hindi sa kapatang sarili, kundi sa tanang tumatangkilik.

Kay Bb. Martha Greta Martinez ay nagpapahatid ako ng mababang bulaklak ng pagbati sa kanyang matamis na tagumpay. Umaasa akong ang susunod niyang maikling katha ay higit na magiging kagiliw-giliw.

Sa huling bilang natin ay hindi makaaiigpaw ang napasama, sa panulat ni Bb. Martinez. Maaaring damdamin nila ang pagkakapuna kong ito, nguni, karuwagan namang sarilin ko ang pagpansin. Mabuti ang sinulat nila, bakit ba hindi. Subali't wala ang pagka-masing na tulad ng kay Bb. Greta.

May pananalig tayong "higit na nalalasap ang kasarapan ng pagkain kung ito ay kinakain na" kaysa magluto: ang kalakip ay isang uri ng nabanggit, na idinulog ko sa inyong hapag. Kung hindi makatugon sa inyong paalasap ay maaari na nating limutin.

Gumagalang,
GERVACIO F. SANGOYO